

# ANG PAGTATANGHAL NG KALUWALHATIAN NG DIYOS

*(A Display of God's Glory)*

**Mga Pangunahing Pagbabalangkas ng Iglesia**  
*(Basics of Church Structure)*

---

Diakono | Nakatatanda | Kongregasyonalismo | Pagsapi  
Deacons | Elders | Congregationalism | Membership

**Ni Mark E. Dever**

**Sinalin ni Lolit delos Santos**  
**Editor Amy Porras**



# TALAAN NG NILALAMAN

---

<b>Panimula .....</b>	<b>1</b>
<b>Unang Kabanata: Diakono .....</b>	<b>3</b>
<b>Pangalawang Kabanata: Nakatatanda .....</b>	<b>12</b>
<b>Pangatlong Kabanata: Kongregasyonalismo .....</b>	<b>23</b>
<b>Pangapat na Kabanata: Pagsapi .....</b>	<b>34</b>
<b>Pangwakas .....</b>	<b>44</b>

---

ISBN 0-9701252-2-4

© 2001 by the Center for Church Reform (IX Marks Ministries)

525 A Street NE | Washington, DC 20002 | [www.9marks.org](http://www.9marks.org)

Phone: (202) 543-1224 | Toll Free: (888) 543-1030 | Fax: (202) 543-6113

All Scripture quotations from *The New International Version*.

Translated with permission.

---

## PANIMULA

Naalala kong ginamit ko ang salitang “polity” (kaayusan ng pamahalaan) sa isang pag-aaral na isinulat ko noong ako’y nasa ika-walong grado at binilugan ito na mali ng aking 24- taong gulang na guro sa Ingles. Masaya akong ipinakita sa kanya ang diksyunaryo at binasa ang “isang organisasyong binuo upang pamahalaan ang mga gawain, lalo na pampubliko, pamahalaan at mga balangkas ng kapangyarihan.”

Bilang mga Kristiano, hinahangad nating itatag ang ating buhay sa turo ng Kasulatan. Subalit may mga katanungan: Ang Kasulatan ba ay malinaw na tumatalakay sa mga katanungan hinggil sa kaayusan ng pamahalaan o organisasyon ng iglesia? At kung mayroon man, ano ba ang wastong itinuturo ng Kasulatan tungkol dito? Tayong mga Kristiano ay naniniwala na ang Kasulatan ay sapat na para sa pagpapalaganap at pagdidisipulo, para sa ating espiritu at kaligayahan sa pagsunod kay Kristo, para sa paglago ng iglesia, at sa pang-unawa natin ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Subalit ang Kasulatan ba ay isinulat din para sabihin sa atin kung paano mag-organisa ng ating sama-samang pamumuhay bilang Kristiano sa ating iglesia, o hinayaan na lang tayo na mag-isang magsiyasat ng mga pinakamagaling na gawain? Ang atin bang pamamahala sa iglesia ay kakaiba? Ito ba’y isang bagay na kikalalanin dahil lamang sa kung ano ang pinakamabisa at epektibong gawain upang maiwasan ang mga problema?

Naniniwala akong ipinahayag ng Diyos sa Kanyang salita ang lahat ng ating dapat malaman upang Siya ay ibigin at paglingkuran at pati na rin ang dapat nating malaman tungkol sa organisasyon ng ating mga Iglesia. Ito ang mga paniniwala na ipinahayag ng mga Baptist, Kongregasyonalista, Presbitero, at ng marami pa sa mga nagdaang taon, at ito ay ginampanan ng mga taong tinawag ng Diyos upang tumayo sa pulpito. Nais kong maging malinaw. Kapag ating sinasabi na ang kaayusan ng pamamahala sa Iglesia ay matatagpuan sa mga pahina ng Bagong Tipan, hindi ito nangangahulugan na dapat nating isipin na wasto ang ating mga ginagawa at hanapan na lamang ng pagpapatunay nito sa Biblia. Bagkus, ang ating layunin ay dapat tingnan ang Biblia, alamin ang mga pangunahing aspeto ng pagbalangkas at pag-organisa na itinuturo dito at buuin ang ating Iglesia ayon sa itinuturo ng Biblia.

Ang mga pahina ng Bagong Tipan ay puno ng mga halimbawa kung paano binalangkas ng mga naunang Kristiano ang kanilang mga Iglesia. Sa mga pahina nito, nakita natin ang malinaw na sama-samang pagtitipon (Gawa 20:7; Heb. 10:25), mga eleksyon (Gawa 1: 23-26, 6:5-6), mga opisyal (halimbawa Fil. 1:1; Gawa 20:17, 28), disiplina (I Kor. 5), kontribusyon (Rom 15:26; I Kor.16:1-2), mga sulat ng habilin at papuri (Gawa 18:27; II Kor. 3:1), ang pangangasiwa ng mga ordinansa at kautusan (Gawa 2:41; I Kor. 11:23-26), at mga katangian ng pagiging miyembro (Mat. 28:19; Gawa 2:47). Malinaw na ibinigay sa atin ng Diyos sa Kanyang mga salita ang mga gabay upang maibalangkas ang sama-samang pamumuhay bilang mga Kristiano sa Iglesia.

Napakaganda para sa atin na ginawa Niya ito! Ang pagiging tiyak na ang salita ng Diyos ang makakapag-saayos ng ating sama-samang pamumuhay, kahit sa organisasyon ng ating mga iglesia, ay makapagpapalaya sa ating pagkahilig sa kung ano ang uso. Ang ibang mga pastor sa kasalukuyan ay maaring nararamdaman na dapat na tayo ay may mga koro, at komite, subalit maaring may sermon lamang (kung hindi natin nararamdamang handa na ang ministeryo ng video para sa nakatakdang oras nito), o kaya ay maari tayong magkaroon ng mga pagsasapi (kung wala tayong ibang maisip na malikhaing gawain). Ngunit ang salita ng Diyos ang magtutuwid ng ating mga kaisipan tungkol sa Iglesia: Makikita natin na inilalatag ng salita ng Diyos ang isang malinaw na pamantayan sa ating pagtuturo (na kahit sa mga pamantayang ito ay maaring maibagay sa mga nangyayari). Dito lamang tayo magsisimulang matuto na kailangan nating magkaroon ng sermon at mga pagsapi, at magkaroon ng mga koro at komite.

Isinulat ni John L. Dagg (1794-1884) na,

*Ang kaayusan ng Iglesia at mga seremonya ng relihiyon, ay hindi gaanong mahalaga kaysa sa isang bagong puso; at sa pananaw ng iba, anumang isinasagawang pananaliksik ng mga katanungan*

*upang respetuhin ang mga ito ay magmumukhang walang kuwenta at hindi kapaki-pakinabang. Subalit alam natin sa Banal na Kasulatan, na ibinigay ni Kristo ang mga kautusan sa paksang ito, at hindi tayo maaring tumanggi na sundin ito. Pag-ibig ang nag-uudyok sa atin upang sumunod; at pag-ibig din ang nag-uudyok upang hanapin ang nararapat na katiyakan sa Kanyang kalooban. Samakatuwid, ating tingnan ang mga pananaliksik na ito, sa pamamagitan ng masigasig na panalangin, na ang banal na Espirito Santo, na siyang gumagabay sa lahat ng katotohanan, ang umalalay, sa atin upang masumpungan ang kaloob Niya, na Siya nating minamahal at sinasamba ng kataas-taasan.*

(Manual of Church Order, p.12)

Sa pagkilala nito, maayos nating tingnan ang mga turo ng Kasulatan hinggil sa ilang mga mahalagang aspeto ng kaayusan ng pamamahala sa Iglesia. Maraming katanungan ang maisasa-alang alang, subalit nais kong pagtuunan ng pansin kung ano ang maliwanag na itinuturo ng Kasulatan sa apat na pinaka pangunahing komposisyon ng pamamahala sa Iglesia – ang diakono, nakatatanda (elders), pagsapi (membership), at kongregasyonalismo (congregationalism). Gamitin nawa ng Diyos ang ating mga pagsisikap upang tulungan tayong higit na maintindihan ang Kanyang mga layunin sa ating samang pamumuhay sa iglesia.

# DIAKONO

---

## I. Ang kahulugan ng Salitang “Diakono”

- A. Ang Kanyang Gawain sa Bagong Tipan
- B. Ang Kanyang Gawain sa Biblia
- C. Pananatili ng Pagkakaiba ng mga Diakono sa Nakatatanda sa Iglesia

## II. Ang Nakaraang Kasaysayan

- A. Ang Naunang Iglesia
- B. Mga Tungkulin ng mga Diakono
- C. Ang Iglesia ng Romano at Griego
- D. Ang Iglesia ng Lutheran
- E. Mga Diakono noong Repormasyon
- F. Ang Iglesia ng Presbitero
- G. Iglesia ng Baptist at Kongregasyonal

## III. Ang mga Diakono sa Gawa 6

- A. Pangangailangang Pisikal
- B. Pagkakaisa ng Katawan
- C. Ang Layunin ng mga Kaloob ng Espirito Santo
- D. Walang Makitid na Isip sa mga Diakono
- E. Pagtataguyod ng Ministeryo ng Salita ng Diyos
- F. Ang mga Diakono ay hindi Pangalawang Antas ng Lehislatura
- G. Ang Pangangasiwa ng mga Diakono sa mga Partikular na Ministeryo

## IV. Katangian ng Diakono

- A. I Timoteo 3
- B. Ang Kababaihan bilang Diakono

## V. Kabuuan

# UNANG KABANATA

---

## DIAKONO

Simulan natin sa isa isang tanyag na tungkulin sa ating mga iglesia sa ngayon – ang mga diakono. Maraming bagay ang maari mong isipin sa salitang “diakono”. Batay sa iglesiang pinagmulan mo, ang diakono ay maaring maihalintulad isang taga-banko na may puting buhok na nakaupo sa harap ng magarang mesa ng isang mayamang iglesia. O kaya’y isang masipag na tagapangasiwa sa mga gawaing iglesia gaya ng pangangalaga nito, o sa paghayo ng ebanghelyo. Ito ang mga diakono sa ating iglesia. Ano kaya sila sa Biblia?

### I. Ang Kahulugan ng Salitang Diakono

**A. Ang kanyang Gawain sa Bagong Tipan:** May pagkakatulad ang Bagong Tipan sa ating pananaw kung ano ang *paglilingkod*. Ang paglilingkod sa kapwa ay hindi hinahangaan ng mga Griego. Sa halip, higit nilang hinahangaan ang pansariling paglago ng ugali at personalidad, kaakibat ng pamamalagi ng respeto sa sarili. Ang gawain ng diakono sa kapwa sa kanilang paningin ay hindi wastong pagpapaalipin.

**B. Ang kanyang Gawain sa Biblia:** Ang Biblia ay may kakaibang pahayag sa paglilingkod. Sa makabagong salin ng Bagong Tipan, ang salitang “diakonos” ay kalimitang naisasalin sa “alagad”, subalit minsan ay “ministro” at minsan naman ay literal na “diakono”. Ito ay maaaring matukoy na pangkalahatang paglilingkod (*Gawa 1:17, 25, 19:22; Roma 12:17; I Kor. 12:5, 16:15; Efeso 4:12; Kol. 4:17; II Tim. 1:18; Filemon 13; Hebreo 6:10; I Pedro 4:10-11; Pahayag 2:19*), na may kapangyarihan (*Roma 13:4*), o kaya’y pangangalagang pisikal (*Mateo 25:44; Gawa 11:29; 12:25; Roma 15:25, 31; II Kor. 8:4, 19-20; 9:1, 12-13; 11:8*). Malinaw din sa Bagong Tipan na ang mga kababaihan ay maari ding makapanilbihan (*Mateo 8:15; Marcos 1:31; Lucas 4:39; Mateo 27:55; Marcos 15:41; cf Lucas 8:3; Lucas 10:40; Juan 12:2; Roma 16:1*). Ang mga anghel ay nakapaglilingkod sa ganitong pamamaraan (*Mateo 4:11; Marcos 1:13*). Minsan tinutukoy ito bilang pagbabantay sa hapag (*Mateo 22:13, Lucas 10:40; 17:8; Juan 2:5, 9, 12:22*), at kahit ito’y minamaliit ng mga Griego, iba naman ang pagpapahalaga dito ni Hesus. Sinabi ni Hesus sa Juan 12:26, “Dapat sumunod sa akin ang *naglilingkod* sa akin, at saan man ako naroroon ay naroon din ang *aking lingkod*. Pararangalan ng Ama ang sinumang *naglilingkod* sa akin”. Muli sa Mateo 20:26 (*cf. Marcos 9:35*) sinabi ni Hesus, “ang sinuman sa inyo na ibig maging dakila ay dapat maging *lingkod*.” At sa Mateo 23:11 (*cf. Lukas 22:26-27*) sinabi niyang “Ang pinakadakila sa inyo ay dapat maging *lingkod* ninyo.”

Sa katunayan, maging si Hesus ay ipinakilala **ang Kanyang sarili** na isang uri ng diakono (*Mateo 20:28; Marcos 10:45; Lucas 22:26-27; cf Juan 13; Lucas 12:37; Roma 15:8*). Ang mga Kristiano ay ipinapakilala ring diakono ni Kristo o ng Kanyang Ebanghelyo. Ganyan ding ipinakilala ang mga apostol (*Gawa 6:1-7*) at gayon ding ipinapakilala madalas ni Pablo ang kanyang sarili at mga kamanggagawa niya (*Gawa 20:24; I Kor. 3:5; II Kor. 3:3, 6-9, 4:1, 5:18, 6:3-4, 11:23; Efe. 3:7; Kol. 1:23; I Tim. 1:12; II Tim. 4:11*). Ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang diakono sa mga Hentil, isang grupo na kung saan tinawag siyang maglilingkod (*Gawa 21:19; Roma 11:13*). Tinawag ni Pablo si Timoteo na diakono ni Kristo (*I Tim. 4:6; II Tim. 4:5*), at sinabi ni Pedro na ang mga propeta sa Lumang Tipan ay mga diakono sa ating mga Kristiano (*I Pedro 1:12*). Ang mga anghel ay tinawag na mga diakono (*Hebreo 1:14*) at kahit si Satanas din ay mayroong sariling diakono (*II Kor. 3:6-9, 11:15; Gal. 2:17*).

**C. Pananatili ng Pagkakaiba ng mga Diakono sa Nakatatanda ng Iglesia:** Dapat tayong laging maingat sa pananatili ng kaibahan sa pagitan ng ministeryo ng diakono at ang ministeryo ng nakatatanda. Sa isang banda, ang mga diakono at nakatatanda ay magkasama sa “paglilingkod”, subalit ang paglilingkod na ito ay may magkaibang anyo. Ating makikita sa unang pitong talata ng Gawa 6 ang napakahalagang pahayag na kung saan ang paglilingkod ay nahahati sa tradisyonal na paglilingkod

(paghihintay sa hapag-kainan, at kawanggawa) at ang paglilingkod ng Salita kung saan ang mga apostol (at magkaalon, ay nakatatanda) ay tinawag. Ang mga diakono sa Gawa 6 ay maihahalintulad sa mga naninilbihan sa iglesia, na nasa mataas na antas ng pangangasiwa. Sila ang nangangasiwa ng pisikal na pangangailangan. Ang pagtatag ng grupo na may bukod tanging paglilingkod ay mahalagang mapanatili, dahil kung hindi ay magkakaroon ng kalituhan kung ano ang paglilingkod bilang diakono (sa hapag) at bilang nakatatanda (sa salita) at maaring malimutan ang isa sa mga gawaing ito. Hindi dapat ipag-walang bahala ng simbahan ang pagpapahayag ng Salita (ng nakatatanda) at kawanggawa sa mga kasapi, na tumutulong na mapanatili ang pagkakaisa, at siyang nagpupuno ng ating katungkulang magmahalan sa bawa't isa. Ang mga aspetong ito ng buhay at ministeryo ng ating iglesia ay pawang mahalaga. Upang tayo ay mapanatag na mayroong ganitong gawain sa ating iglesia, ay dapat nating malaman kung ano ang pagkakaiba ng ministeryo ng diakono at ang ministeryo ng nakatatanda.

## II. Ang Nakaraang Kasaysayan

**A. Ang Naunang Iglesia:** Sa kapanahunan ng mga apostol, ang kalagayan ng iglesia ay waring lumilipas lamang, subalit ang pagkamarami ng nakatatanda at pagkamarami ng diakono ay nanatili. Pagkaraan ng kapanahunan ng Bagong Tipan, patuloy nanatili ang magkahiwalay na gawaing ito ng nakatatanda at diakono.

Nagsimulang makita ang kaibahan ng mga ginagampanan ng mga nakatatanda sa pagitan ng obispo at mga pari, subalit ang mga diakono ay nagpatuloy na nakalista bilang kasama at kasunod ng mga obispo at pari, at kalimitan ay nakikita sila bilang mga pangunahing umaalalay sa mga obispo, o tagapangasiwa. Sa mga naunang iglesia, ang gawaing ito ay pinanghahawakan ng habang-buhay.

**B. Mga Tungkulin ng Mga Diakono:** Ang mga gawaing ito ng mga diakono ay may pagkakaiba sa bawat lugar. Ito ay maaring:

- sa pagbabasa o pag-awit ng Kasulatan sa iglesia,
- sa pagtanggap ng kaloob at pagtatala ng mga nagbigay nito,
- sa pamamahagi ng kaloob sa mga Obispo, presbitero, at sa kanila, sa mga walang asawa at biyuda, at mga mahihirap,
- pagbibigay ng Banal na Hapunan,
- pangunguna sa panalangin tuwing nananambahan at pagbibigay hudyat sa mga di makakasama sa Banal na Hapunan na umalis bago gawin ito.

Ito ay isang magandang kabuuan ng mga gawain ng diakono mula noong pangalawa hanggang ika-anim na siglo.

**C. Ang Iglesia ng Romano at Griego:** Noong magkaroon ng maharlikang posisyon ang mga obispo, ay nagkaroon din ng maharlikang posisyon ang mga diakono sa ilalim nito. Sa paglago ng ginagampanang tungkulin ng obispo ay siya ding paglago ng ginagampanang tungkulin ng pinakamataas na diakono. Ang pinakamataas na diakonong ito ay siyang pinunong diakono ng isang lugar na nangangasiwa ng mga material na bagay. Kayat hindi nakapagtataka na ang pinakamataas na diakonong ito sa Roma ay naging napakahalaga. Sa madaling salita ay napasukan ito ng pang-aabuso, at ang mga diakono, lalo na ang mga pinunong diakono ay naging mayaman. Anong laking kabaliktaran na ang mga dapat na naninilbihan sa kapwa ay nanggagamit ng kapwa sa pansariling kapakanan. Sa mga maraming kadahilanan, bumaba ang kapangyarihan ng mga diakono sa kalagitnaan ng siglo. Ang pagmamalasakit sa mahihirap ay naging daan na lamang sa mga nagbibigay upang makuha ang loob ng Diyos at sa kanilang paniniwala ay mapaikli ang panahon nila sa purgatoryo.

Ang iglesia naman ng "Eastern Orthodox" ay napanatiling hiwalay ang mga diakono – mga pangkaraniwang tao na nainilbihan bilang diakono. Sa kanluran naman, noong patapos na ang "Middle Ages", ang pagiging diakono ay isang hakbang sa pagtatalaga bilang ganap na pari o nakatatanda. Ang mga diakono sa Romano Katoliko at Episkopalya, ay nanatiling ganoon – mga nagsasanay na ministro na naninilbihan bilang diakono sa loob ng isang taon bago maging ganap na mga pari. Ang Ikalawang Konseho ng Vatican ay muling nagbukas ng posibilidad na kakaiba, permanente at mas Bibliikal na diakono sa Romano Katoliko.

**D. Ang Iglesia ng Lutheran:** Naibalik ni Luther ang responsibilidad ng iglesia upang magkawanggawa, lalo na sa mga mahihirap dito, kahit hindi lahat ng kaisipan ng pagiging diakono sa Bagong Tipan ay naibalik ng iglesia ng Lutheran. Sa mga Lutheran sa ngayon, may pagkakaiba ang mga gawain. Sa isang banda, may mga diakonong hindi na-ordinahan, subalit sa ibang lugar, kahit sinong na-ordinahang pangalawang ministro ay matatawag na diakono, lalo na ang mga may responsibilidad sa pastoral na pangangalaga at paghayo ng ebanghelyo.

**E. Mga Diakono noong Repormasyon:** Noong Repormasyon, maraming “Protestanteng Ebanghelikal” na iglesia ang kumikilala sa biblikal na gawain na nagpapakita ng kaibahan ng diakono, sa mga nakatatanda o pastor. May mga protestanteng gaya ni Martin Butzer sa Cambridge, na nag-udyok na ang mga gawain ng diakono ay muling maitatag. Sa bawat iglesia, sabi nila, ang diakono ay dapat na makita ang kaibahan ng mga karapatdapat sa di-karapatdapat na mahihirap upang matulungan. Ito’y kanyang sinisiyasat na mabuti, at tahimik na kinalinga ang pangangailangan ng isa at inaalis naman ang di nararapat sa iglesia. Dapat din nilang panghawakan ang mga naisulat na pagtatala ng mga pondong naibigay ng mga kaanib ng iglesia.

**F. Ang Iglesia ng Presbitero:** Sa iglesia ng Presbitero, ang mga diakono ay yaong nagbibigay ng limos at nangangalaga ng mga mahihirap at may sakit (kahit di natin pagkasunduan na ang mga gawaing ito ay nakuha na nang sekular na estado). Ang mga diakono ay hiwalay sa mga nakatatanda at may pananagutan sila sa mga ito. Minsan ng naging ganito ang pagkaka-buo ng Baptist at Kongregasyonal na iglesia. Mayroon pa ring ganitong pagka-buo hanggang ngayon at ang iba ay nanatiling may bahid ng ganitong kalagayan.

**G. Iglesia ng Baptist at Kongregasyonal:** Karamihan sa iglesiang Kongregasyonal at Baptist, ay mga espirituwal na gawain ang naibibigay sa mga diakono. Inaalalayan nila ang pastor sa maraming gawain, gaya ng pamamahagi ng elemento ng Banal na Hapunan at kasama na dito ang gawaing tagaganap at pinansyal ng iglesia, lalo na ang kongregasyon na walang grupo ng nakatatanda. Naninilbihan ang diakono sa nakatalagang panahon, subalit ang pagkakakilala sa kanya bilang diakono ay permanente.

### III. Ang Mga Diakono sa Gawa 6

Sa ating nakita, ang salitang “diakonos” ay lumabas ng maraming beses sa Bagong Tipan. Ang pinakamaliwanag na magsasalarawan nito, ay ang nasa Gawa 6, na kung saan ang mga naunang diakono ay naisang tabi. Sa mga naitala, may tatlong aspeto ng ministeryo ng diakono ang nasa atin:

**A. Pangangailangang Pisikal:** Una sa lahat, dapat pangalagaan ng diakono ang pisikal na pangangailangan ng iglesia. Basahin ang Gawa 6:1. Ang ibang Kristiano ay “napapabayaang sa pang-araw-araw na pamamahagi ng pagkain.” Ating natukoy na ang ugat ng salitang “deacon” ay ministro o alagad, at partikular na naninilbihan sa hapag at ibang uri ng paglilingkod, kalimitan pisikal o pinansyal. Sa Gawa 6:2, ipinamalas ito ng mga Apostol bilang “paghihintay sa hapag” o literal na “naninilbihan sa hapag”. Natutugunan nila ang mga pisikal na pangangailangan. Ito ang unang aspeto ng ganitong uri ng ministeryo ng diakono. Mahalagang tandaan na ang mga diakono sa Gawa 6 ay di sinarili lahat ang gawain, bagkus maaring nag-organisa pa ng ibang Kristiano sa iglesia upang makatiyak na ang Gawain ay magampanan.

Ang pangangalaga ng tao – lalo na sa mga Kristiano – at higit sa lahat sa mga kaanib ng iglesia – ay mahalaga para sa kalusugang pisikal at espirtual na makapagpapalakas ng kanilang loob at makapagpapaalala ng pagmamahal ng Diyos sa kanila, at bilang saksi nito sa mga tagalabas. Ano ang sinabi ni Hesus sa Juan 13? “Ganito makikilala ng sanlibutan na kayo nga ang aking mga disipulo, sa pamamagitan ng pag-iibigan ninyo sa bawat isa.” Ang pisikal na pangangalaga na ipinakita sa talatang ito ang kahalintulad ng pagmamahal na nakay Kristo.

Sa kabila nito, nakita natin na hindi lamang ang dahilan ay para sa mga nangangailangan lamang, kundi para sa pagkakaisa ng katawan ng iglesia. Ito ang pangalawang aspeto ng uri ng ministeryo ng diakono na nasa Gawa 6 – nakatuon ito sa pagkakaisa ng katawan.



**B. Pagkakaisa ng Katawan:** Kapag tiningnan mo ang talatang ito sa payak na pananaw, maari mong maitanong, “Sa pangangalaga ng mga balo, ano ba ang kanilang ginagawa?” Pantay-pantay nilang ipinamamahagi ang mga pagkain sa mga balo. Iyan ay totoo, subalit bakit ito mahalaga? Dahil ang pisikal na kapabayaan ay nagiging dahilan sa espirtual na pagkakawatakwatak ng Katawan. Sa ganito nagsimula ang talatang *Gawa 6:1*, “*Nang panahong iyon, dumarami na ang sumasampalataya at nagreklamo ang mga Helenista laban sa mga Hebreo. Sinabi nilang ang mga babaing balo sa pangkat nila ay napapabaya sa pang-araw-araw na pamamahagi ng ikabubuhay.*” Ang isang grupo ng Kristiano ay nagsimulang magreklamo laban sa isang grupo. Ito ay kumuha ng atensyon ng mga Apostol. Hindi lamang nila isinasaayos ang suliranin ng ministeryo ng kagandahang loob na pagbibigay ng iglesia. Bagkus nais nilang pigilan na mahati at mawasak ang pagkakaisa ng iglesia, at sa partikular na mapanganib na paraan: mahati ayon sa mga kinagisnang kultura at tradisyon. Ang mga diakono ang nailagay na mamuno upang maalisan ang di pagkakaisa ng iglesia.

**C. Ang Layunin ng mga Kaloob ng Espirito Santo:** Ito ang layunin ng lahat ng kaloob ng Espirito ng Diyos na ibinibigay sa Kanyang Iglesia – upang patatagin at palakasin ang bawat isa (*Roma 1:11-12*). Sinabi ni Pablo sa mga taga Korinto na ang kaloob ng Diyos ay para sa “*ikabubuti ng lahat,*” (*I Kor. 12:4-7, 12*). Hinimok din niya ang mga naunang Kristiano, “*Yamang nananabik kayo sa mga kaloob ng Espiritu, sikapin ninyong sumagana kayo sa mga kaloob na makapagpapaunlad sa iglesia.*” Kaya’t sinabi ni Pablo sa *I Kor. 14:26*, “*Gawin ninyo ang lahat ng iyan sa ikauunlad ng iglesia.*” Gaya ng sinabi ni John Calvin hinggil sa *I Kor 14:12*, “*Kung gaano nag-aalala ang isang tao upang italaga ang sarili sa pagpapakatatag, mas hihilingin ni Pablo na siya’y mapahalagahan. Kaya’t sinulat ni Pedro, “...gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawat isa.” (I Pedro 4:10).*”

**D. Walang Makitid na Isip sa mga Diakono:** Nakita natin sa *Gawa 6* na ang pagkakatatag at pagkakaisa ng iglesia ang natatanging ministeryo ng mga diakono. Kaya’t hindi tayo dapat pagsilbihan ng mga diakono na hindi masaya sa iglesia. Ang mga diakono ay hindi ‘yung mga malimit magreklamo at manligalig ng iglesia sa pamamagitan ng kanilang pag-uugali at gawain. Ito’y isang kabaliktaran! Ang mga diakono ay dapat siyang maging tagapamayapa (muffler) at tagasalo ng mga problema (shock absorbers).

Kaya’t walang dapat na may makitid na isip sa mga naninilbihan sa iglesia bilang diakono. Ang mga ganitong uri ay di dapat bigyan ng lugar na kung saan ay pansarili lamang nilang adhikain at karapatan ang pinagmamalasakit at tahimik na itinatatuwa ang taong nais manilbihan sa lugar nila. Ang mga diakono ay di dapat ipaglaban ang kanilang adhikain gaya ng nasa kongreso. Sa halip, ang kanilang adhikain ay para sa nakararami – upang pagsilbihan ang mga partikular na pangangailangan – subalit para sa kabuuan at kaayusan ng lahat. Higit sa lahat dapat nilang matulungan ang iba na maunawaan ang partikular na ministeryo ito ng pagbubuklod at pagpapatatag ng iglesia. Dapat silag magtayo ng iglesia bilang alagad na tumutulong pag-isahin ang lahat sa pamamagitan ng bigkis ng kabutihang at pagmamahal.

**E. Pagtataguyod ng Ministeryo ng Salita ng Diyos:** Sa isang antas, ang mga diakono ay naatasan upang tulungang itaguyod ang ministeryo ng mga apostol. Sa *Gawa 6:3*, waring inako ng mga apostol na ang pangangalaga ng pisikal na pangangailangan ay responsibilidad nila at ng iglesia. Subalit sinabi nila sa *Gawa 6:3* na ipapasa nila ang responsibilidad na ito sa isang grupo sa loob ng iglesia. Sa ganitong paraan ay hindi lamang nila natutulungan ang iglesia, pati na rin ang mga apostol na may iba ding obligasyon sa iglesia.

**F. Ang mga Diakono ay hindi Pangalawang Antas ng Lehislatura:** Kaya’t ang mga diakono ay hindi isang grupo na may hiwalay na kapangyarihan sa iglesia na wari’y gumagawa ng batas sa lehislatura.

Sila ay mga alagad na naglilingkod sa iglesia upang tumulong sa mga responsibilidad na hindi magawa ng pangunahing tagapagturo. Sinusuportahan ng mga diakono ang mga tagapagturo ng salita sa kanilang ministeryo. Sila ay pangunahing tagapagpalakas ng loob at sumusuporta sa ministeryo ng nakatatanda. Kung ito ang batayan, ang pinakamatulungin na mga miyembro ang nararapat na maging diakono ng iglesia. Atin ding hanapin ang may kaloob ng pagpapalakas ng loob upang maraming mabiyayaan ng kanilang serbisyo.

**G. Pangangasiwa ng mga Partikular na Ministeryo:** Doon sa aming iglesia sa Washington, DC, kinikilala namin ang aming mga diakono hindi bilang isang katawan bagkus mga tao sa iglesia na pinangangasiwaan ang mga natatanging pangangailangan dito. Aming inaasahan at ipinapalangin na bawat isa na naglilingkod bilang diakono ay makatulong na kami'y pagbuklurin sa pamamagitan ng mga ministeryo, tumutulong sa kapwa at iglesia at higit sa lahat ay binibigyang papuri ang Panginoon. Mayroon kaming diakono na nangangasiwa ng aming ministeryo sa pag-aasikaso (hospitality), ang iba naman ay nangangasiwa sa radio at website, ang iba naman ay sa sound system, at ang iba ay sa pangangalaga ng miyembro. Sa ngayon ay mayroon kaming 14 na iba't ibang diakono na naglilingkod sa katungkulan ng diakono. Madalas naming alisin ang mga posisyon na di kailangan, aming pinapag-isa, at mayroon naman naming itinatag, depende sa pangangailangan ng iglesia.

Aming inaasahan na ang mga diakonong ito ang mangunguna sa paggamit ng mga tao sa iglesia. Inaasahan namin ang kanilang panalangin, pagkakakilala sa buong iglesia at pangangasiwa ng mga serbisyo upang maisulong ang pangkalahatang ministeryo ng iglesia. Alam naming may kabigatan ang kanilang paglilingkod. Dapat nilang maintindihan na ang kanilang pagiging diakono ay kanilang pangunahing ministeryo habang naglilingkod sa iglesia. Subalit napakalaking biyaya ang ganitong mga alagad sa amin sa pagkakaroon nila ng puso sa paglilingkod sa kapatiran, at turuan silang makita ang mga gawain ng partikular na ministeryo sa pagtatag ng isang iglesia. Sa pamamagitan ng kanilang gawain at pagiging malikhain, ang mga diakono ay magiging pagpapala sa iglesia higit pa sa itatagal ng kanilang paglilingkod dito.

#### **IV. Katangian ng Diakono**

**A. I Timoteo 3:** Sa I Timoteo 3:8-13, ipinakita ni Pablo kay Timoteo na Pastor ng iglesia sa Efeso, kung ano ang nararapat bilang isang diakono. Kapag pinagsamasama ang mga katangian na nakalista doon sa mga napili sa Gawa 6, masasabi nating sila ay puspos ng Banal na Espiritito (kahit pisikal na pangangailangan ng iglesia ang kanilang pinagtutuhan, ito ay maituturing na isang espirituwal na ministeryo). Ang mga diakonong ito ay nararapat na puspos ng katalinuhan. Sila ay dapat pinili ng kongregasyon na may paniniwala sa kanilang kakayahan. Dapat nilang tanggapin na maluwa sa kalooban at handang gampanan ang pananagutan ng ministeryong kanyang pinaglilingkuran. Sila ay respetado, tapat, hindi umiinom ng labis na alak, hindi gahaman sa salapi, itinataas ang malalim na katuruan ng pananampalataya ng may malinis na budhi, subok at kagalang-galang na alagad na may isang asawa at mahusay na namamahala ng sariling sambahayan at mga anak.

**B. Ang Kababaihan bilang Diakono:** Hindi dahil sa ang diakono ay “naatasan bilang asawang lalaki ng isang babae”, ay hindi na maaring magsilbi ang kababaihan bilang diakono. Ang halimbawa ni Phoebe sa Roma 16:1, na kung saan ginamit ang salitang diakono para sa kababaihan sa Biblia at sa mababang antas, ang mahabang kasaysayan ng diakonong babae sa mga iglesia ng Baptists, ang nag-akay sa aming iglesia upang yakapin ang ministeryo ng kababaihang naglilingkod bilang diakono. Subalit sa I Timoteo 2 at sa malaking pagsasalarawan ng Biblia sa pangunguna ng kalalakihan, hindi natin hahayaang makilalang diakono ang kababaihan kung ang kanilang posisyon ay mapapagkamalang posisyon ng nakatatanda (gaya ng mga diakono sa ngayon). Sa aming paglilinaw na ang posisyon ng nakatatanda ay may kakaibang katungkulan at para lamang sa kalalakihan, kaya't aming hinihimok ang mga kababaihan na malayang gampanan ang pagiging diakono ng iglesia.

#### **V. Kabuuan**

Sa kabuuan, waring pinagsamasama ng Bagong Tipan ang tatlong aspeto ng ministeryo ng diakono sa Gawa 6 – pangangalaga ng pisikal na pangangailangan na naglalayong pag-isahin ang katawan ng Iglesia sa ilalim ng ministeryo ng Salita. Ang mga diakono ang sumusuporta sa ministeryo ng nakatatanda, pinagkakaisa ang Katawan ng Iglesia, at nangangalaga ng mga may pangangailangan. Sila ang tagapagpalakas ng loob, namamayapa, at naglilingkod. Gaya ng sinabi ni Dietrich Bonhoeffer, “Hindi kailangan ng iglesia ang matitingkad na personalidad, bagkus matatapat na alagad ni Hesus at ng kapatiran.”

# **ELDERS (Nakatatanda)**

---

## **I. ANG MARAMIHANG NAKATATANDA**

### **II. MGA KATANGIAN NG NAKATATANDA**

- A. Ang kababaihan ay hindi nararapat maging nakatatanda
- B. I Timoteo 3
- C. Ang Punto ng Pamunuan sa Iglesia
- D. Paghahanap ng Maka-Diyos na Pamunuan sa ating mga Iglesia

### **III. PAGBABALIK TANAW NG KASAYSAYAN**

- A. Orihinal na kataga para sa Nakatatanda
- B. Ang mga Presbitero at Nakatatanda
- C. Ang mga Baptist at Nakatatanda

### **IV. RELASYON NG MGA NAKATATANDA AT MGA MANGGAGAWA NG IGLESIA**

### **V. RELASYON NG MGA NAKATATANDA AT MGA DIAKONO**

- A. Paghahalintulad ng mga Katangian
- B. Ugat ng Pagkakaiba: Mga Gawa 6
- C. Ang Katuruan at Awtoridad

### **VI. RELASYON NG MGA NAKATATANDA AT NG PASTOR**

- A. Ang “PASTOR” sa Bagong Tipan
- B. Sulyap sa Gawaing Pastoral
  - 1. Mga Kalalaking tumungo sa iba’t ibang lugar
  - 2. Ang iba ay sinusuportahan ng buo ng Iglesia
  - 3. Sumulat si Pablo ng partikular kay Timoteo
  - 4. Sumulat si Hesus sa “Mensahero ng Iglesia”
- C. Ang Pastor Bilang Nakatatanda

### **VII. RELASYON NG MGA NAKATATANDA AT NG IGLESIA**

- A. Limang Katangian
  - 1. Malinaw na Pagkakakilala
  - 2. Taos-Pusong Pagtitiwala
  - 3. Nakikitang Pagka-makaDios
  - 4. Makatotoong Pag-iingat
  - 5. Makatutulong na Resulta
- B. Pagpapahalaga sa Pastor

### **VIII. SA KALOOB NG PAMUNUAN**

# PANGALAWANG KABANATA

---

## NAKATATANDA

Kasing halaga ng diakono at higit na pangunahin sa sama-sama nating pamumuhay bilang mga Kristiano ay ang ministeryo ng isang grupo – ang mga nakatatanda.

### I. Ang Maramihang Nakatatanda

Ang una nating dapat malaman sa mga nakatatanda ng lokal na iglesia ay sila ay “mga nakatatanda”, maramihan. Kahit walang nabanggit kung gaano karami ang nakatatanda sa isang kongregasyon, ay lagi itong binabanggit sa bagong tipan bilang “mga nakatatanda”, maramihan. (Gawa 16:4, 20:17, 21:18; Tito 1:5; Santiago 5:14). Ang mga nakatatanda sa Israel ay palaging tinutukoy na maramihan sa mga aklat ng Ebanghelyo at mga Gawa. Ang mga nakatatanda sa kalangitan ay maramihan (Pahayag 5:14, 11:16, 19:4). Sa Gawa 11:30, ang mga nakatatanda ay maramihan. Sa Gawa 14:21-23 ating nabasa, “Ipinangaral nina Pablo at Bernabe ang Mabuting Balita sa Derbe, at marami silang nahikayat na maging alagad. Pagkatapos, nagbalik sila sa Listra, sa Iconio, at sa Antioquia ng Pisidia. Pinatatag nila ang kalooban ng mga alagad at pinagpayuhan na manatiling tapat sa pananampalataya. “Magdaranas muna tayo ng maraming kapighatian bago makapasok sa kaharian ng Diyos,” turo nila sa kanila. Sa bawat iglesia, humirang sila ng matatandang mamamahala at matapos manalangin at mag-ayuno, ang mga ito’y itinagubilin nila sa Panginoon na kanilang pinanaligan.” Kung titingnan hanggang Gawa 15, makikita natin sa talatang 2, 4, 6, 22 at 23. na maramihan ang nakatatanda. Sa Gawa 16:4, ang salitang nakatatanda ay maramihan. Sa Gawa 20:17, tinawag ni Pablo ang sarili niya, na mga nakatatanda sa iglesia ng Efeso. Ganon din sa Gawa 21:28 at I Timoteo 4:14 at 5:17. Sa Tito 1:15, sinabi ni Pablo, “Iniwang kita sa Creta upang ayusin ang mga bagay na wala pa sa ayos at pumili ng matatanda sa iglesia sa bawat bayan, ayon sa itinagubilin ko sa iyo.” Ayon kay Santiago sa Santiago 5:4 na ang mga nakatatanda ng iglesia lokal ay nagtutungo upang ipanalangin ang mga maysakit. Sa I Pedro 5:1, nanawagan si Pedro sa mga nakatatanda ng grupo ng mga Kristiano. Sa katunayan, ang kakaiba lamang ay sa II at III Juan, kung saan tinawag ng manunulat ang sarili niya bilang nakatatanda at sa I Timoteo 5, kung saan may usapin sa batas ng iglesia, kung paano ang gagawin kapag may paratang laban sa isang nakatatanda. Subalit nakalarawan sa Bagong Tipan na sa isang lokal na iglesia ay may lupon ng mga nakatatanda, hindi lamang isang nakatatanda.

### II. Mga Katangian ng Nakatatanda

**A. Hindi nararapat maging nakatatanda ang kababaihan:** Sino ang dapat maging nakatatanda? Ano ang kanyang mga katangian? Ang katangian ng nakatatanda ay maliwanag na naitala sa Biblia sa I Timoteo 3 at Tito 1.

Bago natin tingnan ang I Timoteo 3, ating talakayin ang isang mahalagang paksa sa I Timoteo 2, na hindi kalooban ng Diyos na maglingkod bilang nakatatanda ang kababaihan. Kahit maraming naging katanungan sa isang talata sa I Timoteo 2, maging maingat nating tingnan ang malinaw na bahagi ng Kasulatan at idalangin nating bigyan ng Panginoon ng kalinawan ang mga malabong paksa, kaysa pagdudahan natin ang malilina na bahagi ng kasulatan dahil sa mga malalabong paksa. Ang maliwanag sa I Timoteo 2 ay hindi dapat magturo o magkaroon ng kapangyarihan ang babae sa lalaki. Kung ano man ang kapangyarihang tinutukoy ni Pablo na hindi nararapat, ito ay may kinalaman sa pagtuturo ng isang babae. Ang kinagawian ng naunang iglesia na ayon sa ayos ng Paglikha, bilang pangunguna ng asawang lalaki sa asawang babae ay naisalin din sa gawain ng iglesia. Maliwanag sa Galacia 3:28 na walang pagkakaiba ang babae sa lalaki na na kay Kristo, ngunit hindi nito dapat ipagsawalang bahala ang pagkakaiba ng kasarian bagkus ang pagpapatunay ng napakagandang pagkakapantay ng biyaya ng Diyos sa kaligtasan.

**B. I Timoteo 3:** Ating tingnan ang listahan ng katangian sa I Timoteo 3:1-7. Sinabi ni D. A. Carson (propesor ng Bagong Tipan sa Trinity Evangelical Divinity School) na ang mga katangiang ito ay mahalaga, subalit hindi napapahalagahan. Nais niyang sabihin na ang mga katangiang ito ay matutunghayan sa Biblia at nakapaimbulog sa mga Kristiano – lahat ng iyon maliban sa abilidad na magturo (I Tim. 3:2). Kahit sapat na ituro sa atin ng Kasulutan ang katangian ng isang nakatatanda, hindi naman marahil na naiisip ni Pablo na ang katangiang ito ay “kalabisan”. Bagkus ang kanyang layunin ay ang isulat ang mga katangiang ito na kinikilalang karapatdapat kahit nang mga nakapalibot na kultura sa kapanahunang iyon.

**C. Ang punto ng pamunuan ng Iglesia:** Ang punto ng pamunuan ng Iglesia ay ang bigyan ng kaluwalhatian ng Diyos sa pagpapakilala ng katotohanan sa mga tagalabas. Kaya galit si Pablo sa mga taga- Korinto na pumupunta sa sekular na husgadong laban sa isa’t isa at hinayaang ang mga taong magarbo at di maka-Diyos na pamumuhay, na maki-ugnay sa Iglesia. Makakasama ang mga bagay na ito sa pagpapatotoo ng Ebanghelyo. Kaya sa sulat ni Pablo sa I Timoteo, ang hayagang di maka-Diyos na pamumuhay ng mga bulaang guro sa iglesia ng Efeso, ay nakakasira sa kabuuang pamamaraan upang maluwalhatian ang Diyos sa Iglesia – ang pagpapahayag ng ebanghelyo ng pag-asa at pagpatawad, at ang pagbabago ng mga makasalanan. Ang listahan ng mga kabutihan na naisulat ni Pablo sa I Timoteo 3 (o sa Tito 1) ay hindi lahat ng kabutihan na dapat ipakita ng isang Kristiano. Ito ay ang kabutihang magpapahayag ng ebanghelyo doon sa mga nagbabantay sa mga namumuno ng Iglesia. Nakabubuti ang pagbabasa ng Biblia at kailangan ang panalangin, subalit di ito nabanggit ni Pablo dito. Subalit ito ang mga kailangan natin sa ating mga nakatatanda. Naituro din sa Biblia na kailangan ito sa pamumuhay ng mga Kristiano, subalit ang dahilan ni Pablo dito, ay ang pagpapakita ng mga bagay gaya ng pagbabayad ng mga bayarin sa oras, pagiging masayahin, mapagkumbaba, at matulungin – mga bagay na binibigyang halaga ng mga pagano.

**D. Paghahanap ng mga maka-Diyos na mamumuno sa ating Iglesia:** Paano tayo makakahanap ng ganyang pamunuan sa ating Iglesia? Tayo ay nananalangin para sa karunungan ng Diyos. Tayo ay nag-aaral ng Kanyang salita, lalo na ang mga pahayag sa I Timoteo at Tito na malinaw na nagtuturo ng mga katangian para sa ganitong responsibilidad. Hindi tayo dapat sumunod sa makamundong pamamaraan ng pagpili ng mga namumuno. Huwag nating gayahin ang mga iglesiang kumukuha ng lider sa komunidad na nasa iglesia at gawin silang lider ng kongregasyon. Sa aklat ni Os Guinness *Dining with the Devil* naisulat niya ang kuwento ng isang Hapong negosyante sa isang bisitang taga Australia: “Kapag nakakita ako ng isang lider ng Buddhist, nakakita ako ng isang banal na tao. Kapag nakakita ako ng isang lider ng Kristiano, nakakita ako ng isang tagapamahala,” (p.49). Sa halip dapat tayong maghanap ng mga lalaking may karakter, reputasyon, may kakayahang humawak ng salita ng Diyos, at mabunga, bilang pamantayan sa pagpili ng lider ng Iglesia. Ang mga pag-uugaling ito ng mga lider ng Iglesia ay dapat maisagawa hindi sa pangsarili lamang kundi para sa iba. Kaya di dapat siyang mapagmahal sa salapi, bagkus mapagmahal sa kapwa – na siyang turing sa literal na salitang “mapagkalinga”. Ang tunay na lider ng Iglesia ay nakasentro sa kapakanan ng iba.

### III. Balik Tanaw ng Kasaysayan

**A. Orihinal na Salitang “Nakatatanda”:** Lahat ng Iglesia ay may mga taong gumanap bilang nakatatanda kahit tinatawag nila ang kanilang sarili sa ibang pangalan. Ang dalawang pangalang malimit na nasa Bagong Tipan ay “episkopos” (tagapamahala) at “Presbiteros” (matatanda).

**B. Presbitero at Nakatatanda:** Sa tuwing maririnig ng mga ebanghelikal ang salitang “nakatatanda”, kaagad nilang iisipin ang “Presbitero”. Subalit ang grupo ng mga naunang kongregasyonal sa ikalabing-anim na siglo ay nagturo na ang pagiging nakatatanda ay isang pangasiwaan sa Bagong Tipan. Kahit napatunayan sa kasaysayan na iniuugnay sila sa mga Presbitero, hindi nangangahulugang eksklusibo lamang silang iuugnay sa mga Presbitero o ang mga bagay na ito’y banyaga para sa mga Baptist.

**C. Ang mga Baptist at Nakatatanda:** Noong ika-18 at ika-19 na siglo, ay makikita ang nakatatanda sa mga iglesia ng mga Baptist sa Amerika (halimbawa, Robertson’s *Life of Broadus*, p.34; O. L. Hailey, J. R. Graves, p.40). Si W. B. Johnson, ang unang presidente ng Southern Baptist Convention, ay nagsulat ng aklat hinggil sa buhay ng Iglesia na kung saan ay isinulong niya ang kaisipan ng maramihang

nakatatanda ng iglesia. Sa hindi malamang kadahilanan, maaring sa di pagpansin sa Biblia, o ang kabigatan ng pamumuhay sa isang maunlad na lugar (kung saan mabilis ang pagsulong ng iglesia), ang pagsasagawa ng ganitong pamumuno ay bumaba. Subalit sa diskusyon ng Baptist Papers ay nananatili ang panunumbalik ng ganitong pangasiwaan. Noong panimula ng ika-20 siglo ay tinukoy sa publikasyon ng Baptist ang mga lider na ito sa titulong “nakatatanda”. Kahit hindi ito masyadong ginagawa sa mga Iglesia ng Baptist ngayon, mayroon ng bumabalik sa gawaing ito – at sa mabuting kadahilanan. Kinailangan ito sa mga Iglesia ng Bagong Tipan at kinakailangan din ito sa ngayon.

Hayaan ninyong tulungan ko kayong siyasatin ang ibig sabihin ng nakatatanda; una, sa pagkakaiba ng nakatatanda sa mga nangangasiwa ng iglesia, sa mga diakono, at ang relasyon ng Pastor sa ibang nakatatanda.

#### **IV. Relasyon ng Nakatatanda at Nangangasiwa ng Iglesia**

Maraming makabagong iglesia ang nalilito sa mga nakatatanda at nangangasiwa ng iglesia. Ang “nangangasiwa” ng iglesia ay mga taong naninilbihan ng boong panahon para sa iglesia. Sila yung may kaalaman sa pang-araw-araw na takbo ng iglesia at malimit ay may pagsasanay sa seminaryo. Sila’y dapat may maka-Diyos na pag-uugali, at malago sa pananampalataya. Kalimitan sila din ang nagiging nakatatanda. Sa katunayan ang konstitusyon ng aming iglesia ay hindi nagpapahintulot na tawaging isang pastor kung hindi naman siya kikilalanin bilang nakatatanda. Sa palagay ko’y isa itong wastong panukala. Subalit ang aming konstitusyon ay naglalayong ang karamihan ng aming nakatatanda ay hindi mga bayarang mangagagawa ng iglesia. Halimbawa, ang mga tumutulong sa pastor (kalimitan ay kabataang lalaki na nagagamit sa ministryo at mga patungo sa seminayo.) ay hindi kinikilala bilang nakatatanda, kahit napakalaki ng pangangalaga nila mula sa pagtuturo hanggang sa pagbisita. Ang dahilan kung bakit hindi namin ito isinama sa aming konstitusyon, ay dahil sa nais naming maramdaman bilang kongregasyon ang bigat ng responsibilidad hindi lamang sa pagkuha ng nakatatanda., bagkus maging isang namumungang esperituwal na iglesia na magtataguyod ng posibleng nakatatanda sa aming kalagitnaan. Sa limang nakatatanda sa aming iglesia, tatlo ang may gawain sa labas at dalawa kami, ako bilang pastor at ang aming administrador sa iglesia ang bayarang manggagawa ng iglesia.

#### **V. Relasyon ng Nakatatanda at Diakono**

Sa nakasayanan na kung hindi sa doktrina, maraming iglesia ang nalito na sa gawain ng diakono at nakatatanda sa Bagong Tipan. Ang gawain ng mga diakono, sa ating natunghayan na, ay ang mga praktikal na detalye sa buhay ng iglesia: administrasyon, pagsasaayos at pangangalaga sa mga miyembro na may pisikal na pangangailangan – lahat ay upang isulong ang pagkakaisa ng iglesia at ministryo ng salita.

**A. Paghahalintulad ng mga Katangian:** Sa I Timoteo 3, ang makikitang paghahambing ng katangian ng nakatatanda at diakono ay hindi ang kanilang kaibahan, kundi ang kanilang pagkakahalintulad. Silang mga tagapagmasid at diakono, ay kailangang mataas ang reputasyon, walang kapintasan, pinagkakatiwalaan, nag-iisa ang asawa, matino, mahinahon, at mapagbigay. Dahil sa napakalapit na katangian nilang dalawa, minabuti ni Pablo at mga naunang Kristiano na malinaw na kilalanin ang dalawang hiwalay na katawan ng mga namumuno.

**B. Ang ugat ng Pagkakaiba:** Nakita natin sa Gawa 6 ang ugat ng pagkakaiba ng mga gawain at responsibilidad ng mga diakono at nakatatanda. Sa Gawa 6:2 pagkatapos magsimula ng reklamo sa iglesia ng Herusalem, nabasa natin “Kaya’t tinipon ng Labingdalawa ang buong kapulungan ng mga sumasampalataya at sinabi sa kanila, “Hindi naming dapat pabayaang pangangaral ng salita ng Diyos upang mangasiwa sa pamamahagi ng ikabubuhay.” Dito ay matutunghayan natin na ang ministryo ng salita ay siyang sentro ng responsibilidad ng mga elders, at hindi lamang yan, bagkus sentro ito ng Iglesia. Natunghayan natin ulit ito sa Gawa 6:4 “At iuukol namn naming ang buong panahon sa pananalangin at sa pangangaral ng Salita.” Sila ay literal na “Diakono ng Salita”. Ito ay naangkop din sa Gawa 15 at Gawa 20 at sa katangiang ang mga nakatatanda ay nararapat marunong magturo. Parang ang pangunahing gawain ng isang nakatatanda ay manguna sa mga tao ng Diyos sa pagtuturo ng salita ng Diyos. Ang pagtuturong ito ay ang hayagang paghawak ng salita ng Diyos at ang pangunguna sa isang buhay na may magandang halimbawa.

**C. Ang Pagtuturo at Kapangyarihan:** Sa puntong ito, ang kapangyarihan ng nakatatanda ay kasama sa gawain niyang magturo. Siya ay isang pastor/pastol. Tayong mga nakatatanda ay dapat tagapamasid. Sa Gawa 6, nakita natin ang nakatatanda na nagpapahayag sa kapulungan. Tinukoy ni Pablo ang mga nakatatanda sa I Timoteo 5 na “mahusay mamahala, lalo na yaong nangangaral at nagtuturo ng Salita ng Diyos.” Subalit ang pangunahing gawain ng nakatatanda ay ang mahinahong pangunguna at maingat na pagtuturo. Malaking tulong sa mga iglesia na malamam ang pagkakaiba ng mga gawain ng nakatatanda, sa mga diakono.

## **VI. Ang Relasyon ng Nakatatanda at ang Pastor**

Kung itatanong mo “Itinuturo ba ng Biblia na kailangang may nakatatandang pastor na umaalalay lang o kabilang ng mga nakatatanda?” Sa palagay ko ang sagot ay “Hindi, hindi agad!” sa nasabi kong yan, naniniwala akong matutunton natin ang natatanging gawain sa mga nakatatanda, sa kung ang pangunahing pampublikong guro ng iglesia.

**A. “Pastor” sa Bagong Tipan:** Ang salitang “pastor” ay lumalabas lamang sa “New International Version” ng Bagong Tipan sa Efeso 4:11, sa listahan ng kaloob ng Diyos sa Kanyang iglesia (katambal ng mga guro). Nakatago sa salitang Ingles na “Pastor” ay ang salitang Griego na “poimenas” na kaugnay sa “pastol”. Ang kaugnay na salita para sa pastol ay nakikita ng ilang beses, (I Pedro 5:21, Gawa 20:28), subalit wala sa mga halimbawa na ito ang hiwalay na tungkulin mula sa nakatatanda ang natutukoy. Talagang sa Gawa 20:17, 28, malinaw na ang “nakatatanda”, tagapananaw (Obispo) at pastol ay naipagpapalit-palit sa mga grupong ito.

**B. Sulyap sa Gawaing Pastoral:** Sulyapan natin ang apat na uri ng gawain na ating makikita sa Bagong Tipan:

(1) Kahit sa Bagong Tipan may mga kalalakihan na tumungo sa mga lugar (gaya sa akalt ni Timoteo at Tito) na naninilbihan bilang nakatatanda, at ang iba ay hindi (siguro yung mga pinili ni Tito sa Tito 1:5 sa bawat lugar). Kaya kung si Timoteo ay galing sa labas, ang iba naman ay napili mula sa kongregasyon.

(2) May mga ibang nagsusuporta ng mga kawan (I Tim. 5:17-18, Pilipo 4:15-18) at ng ibang gumagawa sa ibang trabaho (na karaniwang ginagawa ni Pablo noong una niyang itinatalaga ang ebanghelyo sa isang lugar). Maaring isipin ng iba na hindi lahat ng nakatatanda na sinigurado ni Tito na naitalaga sa Kreta ay mga nabayaran ng buo.

(3) Naisulat ni Pablo kay Timoteo kasabay ang mga tagubilin sa iglesia doon, kahit alam natin sa Gawa na may iba pang nakatatanda doon sa iglesia ng Efeso. Sa isang banda may paghihiwatig na kakaibaang Gawain si Timoteo sa kanila.

(4) At panghuli, ang mga sulat ni Hesus sa 7 Iglesia sa Pahayag 2 at 3 ay nakatukoy sa bawat mensahero ng bawat iglesiang ito.

Wala sa mga ito ang mahigpit na pinag-uutos, subalit sila ay may pinapakitang kahalintulad at akma sa ating ginagawang pagpili ng isa (o marami pa) sa mga nakatatanda na hindi nangangailangang galing sa ating komunidad, at atin din siyang sinusupportahan at binibigyan ng responsibilidad ng pangunahing pagtuturo sa iglesia.

**C. Ang Pastor at Nakatatanda:** Ating dapat alalahanin na ang pastor o mamahayag ay isa ring nakatatanda sa kanilang kongregasyon. Siguro, ang isang pinakanakatulong sa aking ministeryo bilang pastor sa aming iglesia ay ang pagkikilala ng ibang nakatatanda. Ang paglilingkod ng ibang nakatatanda, kaalinsabay ko, ay may malaking benepisyo. Ang maramihang nakatatanda, ay nakakatulong sa iglesia sa pagtukoy sa mga katangian ng Pastor, pagpuno sa kaniyang kahinaan, pagdagdag sa kanyang paghuhusga, at gumagawa ng suporta sa kongregasyon para sa mga desisyon, at hinahayaang hindi mabuksan ang mga namumuno sa hindi makatarungang pambabatikos. Ang ganitong maramihang

nakatatanda ay nagpapatatag ng pamunuan at hinahayaan ang mas matinong pagpapatuloy. Tinutulungan nito ang iglesia na maging responsible sa paglagong esperituwal ng kanyang sariling miyembro at hindi magdepende sa kanyang mga tagapangasiwa. Ang aming iglesia sa Washington ay nabiyayaan ng Diyos ng ganitong klase ng nmg nakatatanda.

## VII. Relasyon ng Nakatatanda at ng Iglesia

Atin itong masusing tatalakayin kapag ating tinunghayan ang ibig sabihin ng kongregasyonalismo, subalit sa pangkalahatan, ang kaugnayan na namamagitan sa mga nakatatanda at ang lokal na kongregasyon na kung saan sila naninilbihan, ay dapat markado ng maka-Diyos na katauhan at nakasalalay sa Diyos.

**A. Limang Katangian ng Relasyon:** Hayaan ninyong banggitin ko ang limang katangian ng ganitong relasyon – pagkilala, pagtiwala, pagka maka-Diyos, pag-iingat at resulta.

(1) *Malinaw na pagkilala* – Dapat makilala ng iglesia na ang mga nakatatanda nito ay mga kaloob ng Diyos, para sa ikabubuti ng iglesia. Dapat ibigay ng iglesia sa kanila ang mga Gawain ng pagtuturo at nangunguna sa iglesia. Ang mga gawaing ito ay maaalis lamang sa mga nakatatanda kung gumagawa sila ng taliwas sa Biblia. At para sa kanilang parte, dapat kilalanin ng mga nakatatanda na ang kapangyarihan ng kongregasyon ay galing sa Diyos. (Mateo 18; I Kor. 5; II Kor. 2)

(2) *Taos-pusong Pagtiwala* – Dapat pagtiwalaan, ipagtanggol, igalang at parangalan ng iglesia ang kanilang nakatatanda. Kaya naisulat ni Pablo sa I Timoteo 5:17, “Pag-ibayuhin ninyo ang ibinibigay samatatandang mahusay mamahala, lalo na yaong nangangaral at nagtuturo ng salita nga Diyos.” Dapat pangunahan ng mga nakatatanda ang mga Gawain ng iglesia at magpasakop ang iglesia sa kanilang pamumuno. Kaya ang tagasulat sa Hebreo 13:17 “Pasakop kayo sa nangangasiwa sa inyo. Sila’y may pananagutang magbantay sa inyo, at magbigay-sulit sila sa Diyos ukol dito. Kung sila’y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Kung hindi, sila’y mahahapis, at hindi ito makabubuti sa inyo.”

(3) *Nakikitang Pagkamaka-Diyos* – Nakita nating itinuon ni Pablo sa mga sulat niya kay Timoteo at Tito ang pagiging “walang kapintasan na nakatatanda” (Isinulat ni Pablo sa Tito, 1:6 “Ang pipiliin mo’y yaong walang maaaring ipintas, minsan lang nag-asawa, ang mga anak ay mananampalatayaat hindi magugulo o matitigas ang ulo.”) Ang nakatatanda ay pumapayag na mabuksan ang kanilang buhay upang masuri at bukas ang kanilang tahanan sa mga taga labas, nag-aasikaso at kumakalinga.

(4) *Makatotoong Pag-iingat* – Dapat maging markado sa isang nakatatanda na sa paggamit ng kanilang kapangyarihan, ay ang pagkilala na ang iglesia ay hindi kanila, bagkus kay Kristo. Binayaran ni Kristo ang Iglesia sa pamamagitan ng kanyang dugo, kaya’t ito ay dapat pahalagahan, maingat at mahinahong pagtrato, malinis at patuloy na pag-akay, para sa ikaluluwalhati ng Diyos at sa ikabubuti ng iglesia. Mananagot ang nakatatanda kay Kristo sa kanilang pamamahala.

(5) *Makakatulong na Resulta* – Gaya sa tahanan o sa ating relasyon sa Diyos, ang pagpapakumbabang pagkilala ng taong may kapangyarihan ay magbibigay ng malaking benepisyo. Sa iglesia, kapag ang kapngyarihan ay ginagamit na may pahintulot ang kongregasyon para sa ikabubuti nila, matutulungan ang kongregasyon habang itinatayo ng Diyos ang Kanyang iglesia sa pamamagitan ng mga guro na ibinibigay Niya sa iglesia. Ang kasinungalingan ni Satanas – na ang kapangyarihan ay di dapat pinagkakatiwalaan dahil sila ay mapangsupil at mapang-api – ay mapapasinungalingan ng mga mabubuting gawain at pagkilala ng kapangyarihan ng nakatatanda na nakapaloob sa kongregasyon.

**B. Pagkilala sa Pastor:** Noong nagretiro na si Edward Griffin (1770-1837) sa iglesia na kanyang pinaglingkuran mabuti ng maraming taon, pinalakas niya ang loob ng kaniyang kongregasyon ng mga salitang nagtuturo rin sa atin ng pagpapahalaga hindi lamang sa pastor, kundi pati ang mag nakatatanda na ibinigay ng Diyos.

“Para sa ikabubuti mo at ng iyong mga anak, mahal in mo at igalang mo kung sino man ang napili ninyo bilang pastor. Mahal na niya kayo at balang araw mamahalin niya kayo “gaya ng buto ng kanyang



buto at laman ng kanyang laman.” Gawin mong pantay na adhikain at layunin na maging kaaya-aya ang kanyang gawain hanggat maari. Huwag kayong masyadong mapaghanap. Huwag mo siyang asahan na bisitahin kang palagi. Kung magkakaganito, kalahati ng oras niya ay makakaligtaan niya ang pag-aaral, at maaga siyang ilulubog ng ganitong kabigatan. Huwag mong iparating sa kanya ang mga di magandang bagay na masasabi laban sa kanya; o iharap sa kanyang presensya ang mga oposisyon kung mayroon man nito. Kahit siya ay ministro ni Hesus, isaisip mo rin siya ay may makataong damdamin din. (Edward Griffin, *A Tearful Farewell from a Faithful Pastor*, 1809).

### **VIII. Sa Kaloob ng Pamunuan**

Sana ay makita ninyong isang malaking pribilehiyo ang magsilbi sa pamunuan na hindi dapat palampasin. Para sa ibang tao, ito’y pang-abala lamang at walang kuwentang bagay. Naalala ko ang sinabi ng aktor na si Gary Cooper: “Natutuwa akong si Clark Gable, ang matutumba sa kanyang mukha, at hindi si Gary Cooper.” Iyan ang sinabi ni Cooper noong tinanggihan niya pangunahing pagganap sa *Gone with the Wind*. Ang aming nasasaisip ay mas mahalaga pa sa mga bagay na magbibigay ng kayamanan at katanyagan sa mundo. Sinabi ni Pablo na ang pagiging isang nakatatanda ay isang mabuting Gawain at sinomang magnais nito ay nagnanais ng mabuting bagay!

Isa sa mga panahong ako ay kinilabutan ay noong nakikipag-usap ako sa isang nagtuturo sa Unibersidad ng Cambridge. Kami ay kumakain sa labas at isinasalaysay niya ang galit hinggil sa isang desisyon ng konseho ng bayan. Sa kanyang pagpapatuloy, naaalala kong pangkaraniwan na sa kaibigan kong ito ang magpahayag ng galit hinggil sa pamumuno. Kaya’t sa isang punto ay nagtanong ako ng isang simple, diretso, at mababaw na tanong: “Naiisip mo bang masama ang pamumuno?” Kadalasan, ang ganitong katanungan ay magkakaroon lamang ng pagtataka, pagmamaliit sa taong nagtanong, at isang sagot na may isang libong kahulugan. Sa pagkakataong ito, ako ay nagulat sa kanyang diretso at simpleng kasagutan na—“OO.”

Ang pagkilala sa nabigong likas ng pamumuno at ang posibilidad ng pang-aabuso nito ay mabuti at kaaya-aya. Ang pamumunong malayo sa kalooban ng Diyos ay laging maka-demonyo. Subalit ang pagdudahan ang pamumuno o ang likas na pagkawala ng tiwala dito ay napakasama. Sa totoo lamang, pinapahayag nito ang pagkatao ng nagtatanong kaysa sa pamunuan. Karagdagan pa dito, nagpapakita ito ng mala-kanser na kasiraan sa ating kakayanang mamalakad bilang mga hinubog sa imahe ng Diyos. Upang mabuhay sa nais Niyang pamumuhay natin, dapat tayong magtiwala sa Kanya, at kahit – sa maliit na banda – ang magtiwala rin sa mga hinubog Niyang ayon Kanyang imahe. Lahat ng katauhan sa Biblia mula pa kay Adan at Eba hanggang sa mga rebeldeng namumuno sa aklat ng Pahayag, ay ipinakita ang kanilang kasamaan sa pagtatwa nila sa pamumuno ng Diyos, at ang pag-angkin nito bilang kanila.

Isang malaking pribilehiyo ang mapaglingkuran ng mga pinuno na maka-Diyos! Ang pagiging modelo at pagsasagawa ng maka-Diyos na pamunuan para sa ating ikabubuti ay isang napakalaking kaloob. Ang tanggihan ang pamumuno gaya ng ginagawa ng nakararami, ay isang makitid na pananaw at nakakasira sa sarili. Ang isang mundo na walang pamumuno ay gaya ng mga pagnanasang walang hangganan, isang kotseng walang kontrol, isang kantong walang ilaw pantrapiko, isang larong walang batas, isang tahanang walang magulang, isang mundong walang Diyos. Maaari itong manatili sa maikling panahon, subalit pag naglaon. Ito ay mawawalan ng kabuluhan, magiging malupit at di maipahayag na kalunos-lunos na katapusan.

Sa kabila ng ating pag-sasawalang bahala nito, ang maka-Diyos at Biblikal na pamunuan ay mahalaga sa pagtatayo ng isang iglesiang nagluluwalhati sa Diyos. Ang paggamit ng pamunuan sa ating iglesia ay nag-uugnay sa kalikasan at katangian ng Diyos. Kapag ating ginagamit ang tamang pamunuan sa pamamagitan ng kautusan, sa loob ng hapag kainan ng pamilya, sa ating mga hanapbuhay, sa tropa ng iskawt, sa ating mga tahanan, lalong higit sa iglesia, tumutulong tayong itanghal ang imahe ng Diyos sa Kanyang mga nilalalang. Ito ang ating panawagan. Ito ang ating natatanging pribilehiyo.

# KONGREGASYONALISMO

---

## **I. KONGREGASYONALISMO: ANO ANG IBIG SABIHIN NITO**

- A. Maling Pang-unawa ng Kongregasyonalismo**
- B. Tamang Pang-unawa ng Kongregasyonalismo**
- C. Apat na Bahagi sa Bagong Tipan na may Kapangyarihan ang Kongregasyon**
  - 1. Mga Bagay ng Pagkakagalit sa pagitan ng mga Kristiano**
  - 2. Mga Bagay ng Doktrina**
  - 3. Mga Bagay ng Disiplina**
  - 4. Mga Bagay ng Pagkaka-anib sa Iglesia**

## **II. KONGREGASYONALISMO: ANO ANG HINDI KAHULUGAN NITO**

- A. Mga Halimbawa sa Biblia ng mga Nagkakasalang Kongregasyon**
- B. Mga Halimbawa sa Kasaysayan ng mga Nagkakasalang Kongregasyon**
- C. Ang Larawan ay hindi buo, subalit malinaw**

## **III. KONGREGASYONALISMO: BAKIT ITO MAHALAGA**

- A. Upang Mapanatili ang Katapatan ng Doktrina sa Kongregasyon**
- B. Ang Talaan ng Kasaysayan ng Kongregasyonalismo**

## **IV. KONGREGASYONALISMO: PAANO ITO GUMAGANA**

- A. Ang Ibinibigay na pananagutan ng isang namumuno**
- B. Pagtitiwala sa mga Namumuno**
  - 1. Mga bagay na malinaw subalit hindi seryoso**
  - 2. Mga bagay na hindi mahalaga at hindi malinaw**
  - 3. Mga bagay na mahalaga at malinaw**
  - 4. Mga bagay na mahalaga subalit hindi malinaw**
- C. Pasiglahin at pagkatiwalaan ang inyong Tagapanguna**

## PANGATLONG KABANATA

---

# KONGREGASYONALISMO

Umaayon ka ba na ang iglesia ay umiiral lamang para sa pansarili mong paglagong espirituwal? Kapag nagtitipon kayo tuwing Linggo ng umaga kasama ang inyong kapamilya sa kongregasyon, hindi ka lamang nagkakaroon ng personal na pagbubulaybulay kasama ang maraming tao. Ikaw ay nakikisali sa buhay ng isang natatanging iglesia. At kapag nagkasamasama ang mga Kristiano bilang kongregasyon, hindi lamang ito mga tao na nagkataong may parehong panlasa, na nagkasamasama sa iisang silid. Tayo ay nagkakatipon-tipon bilang buhay na institusyon, gumaganang organismo, isang katawan. Nagtataka ako kung bakit IKAW ay nagtutungo sa iglesia.

Hayaan mong tanungin kita ng isang tanong na makakatulong tumungo sa ugat ng bagay na ito: Ano ang gamit ng Iglesia? Kumuha ng sandali at subukang sagutin ang tanong. Kapag higit mo ng nauunawaan ang mga bagay sa iglesia at kung ano ito, saka mo lamang mauunawaan na ang buhay Kristiano ay magiging higit pa sa isang simpleng gawaing moral na naglililang ng mga talaan ng pansariling kabanalan at umiiwas sa mga talaan ng pansariling bisyo. Dito mo masisimulang maunawaan ang iglesia bilang pahayag ng buhay na Diyos sa mundong ito.

### I. Kongregasyonalismo: Ano ang Ibig Sabihin Nito

**A. Maling Pang-unawa ng Kongregasyonalismo:** Malimit na hindi maunawaan ng mga tao ang kongregasyonalismo. Ipinapamalas ito ng mga tumutuligsa bilang nag-iisang kasarinlan. "Separatism" o pakikipagbukod ang tawag dito. Isang manunulat ang nagpakahulugan dito bilang "pag-angkin ng nag-iisang kongregasyon na gumagalaw na parang mag-isa lamang sila sa mundo, hiwalay sa ibang Kristiano." (Roland Allen, *Missionary Methods*, p. 85n1). Sa isang banda, ipinamalas ito ng iba nilang kampeon, bilang matuwid at simpleng demokrasya, na iniuugnay sa ganap na karapatang pantao. Ipinahayag ni Charles Finney ang kongregasyonalismo bilang ganito:

*"Episcopacy" o iglesiang pinamumunuan ng mga Obispo, ay akma sa isang kalagayan ng pangkalahatang kamangmangan ng mga tao. "Presbyterianism", o iglesiang pinamumunuan ng mga elder o presbitero, o "Church Republicanism" o mala-republikang pama-malakad ng isang iglesia, ay higit na akma sa mas mataas na antas ng katalinuhan at ang malaganap na prinsipyong Kristiano. Subalit ang Kongregasyonalismo, o espirtual na demokrasya, ay higit at tanging umaakma sa antas ng pangkalahatang talino at ang malaganap na prinsipyong Kristiano (Charles Finney in his Lectures on Theology).*

**B. Tamang Pang-unawa ng Kongregasyonalismo:** Wala sa mga ito ang tamang pang-unawa ng larawan ng buhay iglesia na iniwan sa atin sa Bagong Tipan. Hindi hinahadlangan ng kongregasyonalismo ang pakikipag-isa sa ibang kongregasyon sa misyon, edukasyon, ebanghelismo, pag-bibigay tulong sa sakuna, at sa iba pang bagay. Sa halip, nangangahulugan ito, na walang sinumang tagalabas ang maaring mag-utos ng mga bagay sa isang kongregasyon, maging ito man ay sa pagdidisiplina o sa doktrina. Bilang umaasa sa kaliwanagan ng Biblia, kaysa sa anumang pulitika, tayong mga kongregasyonalista, ay naniniwalang pangungunahan ng Diyos ang Kanyang mga tao upang maunawaan nito kung sino ang kikalalaning kaanib at pinuno, ano ang dapat paniwalaan, at kung ano ang dapat gawin.

Maaring isipin ng iba na ang kongregasyonalismo ay isa lamang pagpapakita ng kaisipang pulitikal. Subalit hindi ito ang katotohanan. Sa unang sulat ni Clement ng Roma sa iglesia ng Korinto, noong AD 96, nabasa nating itinalaga ang mga nakatatanda "na may buong pahintulot ang iglesia," (trans. Staniforth, p.46). Marami pang ibang mga halimbawa ang naipakita na. Totoong ang Kristiano noong una ay nauunawaang naituro ito sa Kasulatan.

Nauunawaan ng kongregasyonalismo na ang huli at katapusang hukuman ng pag-apila sa buhay ng lokal na iglesia ay hindi ang Obispo ng Roma, o Constantinople, o Washington. Hindi ito ang isang pangangatawang internasyonal, o kapulungan ng mamamayan, konperensya o konbensyon. Hindi ito ang presidente ng isang denominasyon, o namumuno ng isang lupon na nangangasiwa. Hindi ito kapulungang pangrehiyon o samahan ng ministro. Hindi ito grupo ng nakatatanda sa loob ng iglesia, o ng pastor. Ang huli at katapusang hukuman ng pag-apila sa buhay ng isang lokal na iglesia, ay ang lokal na kongregasyon. Ito ay ipinakita ng Bagong Tipan sa mga bagay na tungkol sa doktrina at disiplina, sa mga bagay tungkol sa pagtanggap ng kaanib at ang pagsasa-ayos ng kaibahan sa pagitan nila.

**C. Apat na Bahagi sa Bagong Tipan na may Kapangyarihan ang Kongregasyon:** Ating tunghayan ang apat lamang na bagay sa Bagong Tipan:

(1) *Mga bagay ng pagtatalo sa pagitan ng mga Kristianol.* Sa Mateo 18:15-17, sinabi ni Hesus ang pagtatalo sa pagitan ng magakapatid:

*Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan. Kapag nakinig siya sa iyo, ang pagsasama ninyong magkapatid ay napapanauli mo sa dati at napapanumbalik mo siya sa Ama. Ngunit kung hindi siya makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-uusapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi. Kung hindi siya makinig sa kanila, sabihin mo ito sa iglesia. At kung hindi pa siya makinig sa iglesia, ituring mo siyang Hentil o isang publikano.*

Pansinin ninyo kung kanino ang huling pag-aapila. Pansinin kung anong hukuman ang huling nagpapasya. Hindi ito ang Obispo, o ang presbitero; hindi ito isang pagtitipon, isang kapulungan, isang konbensyon o konperensya. Hindi ito isang pastor, o lupon ng nakatatanda, o komite ng iglesia. Ito, ayon sa ating nabasa, ay “ang iglesia”, ang buong lokal na kongregasyon na kung saan ang hatol nito ang huling hukuman ng pag-aapila.

Kung titingnan mo ang mga talata na ating inayunan sa Gawa 6:1-5, nakita natin ang isang mahalagang pangyayari sa buhay ng naunang iglesia. May suliranin sa pagbabahagi ng yaman ng iglesia, at ang problemang ito ay tuwirang nangangailangan ng pansin ng mga apostol. Mababasa sa Talata 2 - 5a,

*Kaya't tinipon ng Labingdalawa ang buong kapulungan ng mga sumasampalataya at sinabi sa kanila, “Hindi namin dapat pabayaang pangangaral ng salita ng Diyos upang mangasiwa sa pamamahagi ng ikabubuhay. Kaya, mga kapatid, pumili kayo sa mga kasamahan ninyo ng pitong lalaking kilala sa pagiging mabuti, matatalino, at puspos ng Espiritu Santo, at ilalagay namin sila sa tungkuling ito. At iuukol naman namin ang buong panahon sa pananalangin at sa pangangaral ng Salita.”Nalugod ang buong kapulungan sa panukala ng mga apostol.*

At patuloy na pinangalangan ni Lukas ang mga napili ng iglesia. Isa sa mga masalimuot na paggamit ng Bagong Tipan bilang ating patnubay sa buhay ng iglesia, ay ang presensya ng mga apostol sa mga iglesiang ito. Nauunawaan ninyo ang kahirapan. Paano kaya sa bandang huli natin, bilang mga nakatatanda, mga pastor, at mga tagapangasiwa, magagampanan ang gawain ng mga apostol bilang atin? Atin bang mabibigyan ng kahulugan ang doktrina, iwaksi ang pagkakamali, o alalahanin ang mga salita ni Kristo na gaya ng mga ito na nakasama ni Hesus sa buong Niyang ministeryo sa mundo, na naturuan Niya at naitalaga Niya bilang mga pundasyon ng Kanyang iglesia? Ang mga pangalan ba ng mga nakatatanda sa atin ay nakaukit sa pundasyon ng Bagong Herusalem gaya ng sa mga pangalan ng mga apostol? Maliwanag na kasagutan ay “Hindi”.

Ang suliranin natin sa pagsunod sa huwarang ipinamalas ng mga apostol, ay baka maghangad ng labis na kapangyarihan ang mga nakatatanda sa ngayon, kahit na walang kakayanan na nararapat sa ganitong kapangyarihan. Subalit sa Gawa 6, nakita natin ang mga apostol na ito na nagsalin ng mga responsibilidad sa kongregasyon. Kinikilala nila sa kapulungan ang kahalintulad na kapangyarihan, sa ilalim ng Diyos, na binanggit ni Hesus sa Mateo 18.

Sa pagsunod sa mga halimbawang ito, naituro din ni Pablo na ang kaayusan at doktrina ng lokal na iglesia ay nakasalalay sa pagtitiwala, sa ilalim ng Diyos, ng kongregasyon. Noong sumusulat si Pablo sa iglesia ng Korinto, sinabi niya na kanilang huhusgahan ang nasa loob ng iglesia (1 Kor. 5:12). Sinulat niya,

“idudulog pa ba ninyo ito sa mga taong di kinikilala ng iglesia?” (I Kor. 6:4). Sa mga di pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Kristiano, ang kongregasyon sa kabuuan, ang pinakahuling hukuman sa Biblia.

(2) *Mga Bagay ng Doktrina*. Lahat ng mga sulat sa Bagong Tipan (maliban kay Filemon, Timoteo at Tito) ay naisulat sa mga iglesia sa kabuuan, upang turuan sila sa kabuuan kung anong pananagutan mayroon sila. Kahit sa payak na kahulugan ng ebanghelyo, ang kongregasyon ay para pa ring hukuman (sa mundo) ng pinakahuling pag-aapila. Kaya’t sa Galacia 1, tinatawagan ni Pablo ang kongregasyon ng mga bagong Kristiano na maupo sa pagsisiyasat sa mala-anghel at mala-apostol na mangangaral (kahit siya rin! Gal.1:8) kung sila ay nangangaral ng ibang ebanghelyo maliban doon sa tinanggap ng taga Galacia. Hindi siya sumulat para lamang sa mga pastor, sa mga presbitero, sa mga Obispo o sa konperensya, sa mga konbensyon, o sa seminaryo. Sumulat siya para sa mga Kristiano na bumubuo ng iglesia, at ginagawa niyang malinaw na hindi lamang sila akma na maupo sa pagsisiyasat sa kung ano ang ebanghelyo, subalit sila ay *nararapat!* Mayroon silang di maiiwasang tungkulin na siyasinat na ang mga nagsasabing sila ay mga mensahero ng Mabuting Balita ni Hesukristo ayon sa patuloy nilang bagong pag-angkin sa ebanghelyong nalalaman na ng mga taga Galacia.

Inulit muli ito ni Pablo sa II Timoteo 4:3 nang payuhan niya si Timoteo at ang iglesia ng Efeso sa pinakamabuting paraan ng paghawak sa mga bulaang guro. Noong kanyang ilarawan ang parating na agos ng mga bulaang guro sa iglesia, kanyang piniling sisihin, sa 4:3, yaong mga *“susundin nila ang kanilang hilig. Mangangalap sila ng mga gurong walang ituturo kundi ang mga bagay lamang na gusto nilang marinig.”* Kahit sa pagpili sa kanila, o sa pagbabayad sa kanila, o ayunan ang kanilang mga turo, o sa pagpayag na makinig sa kanila ng paulit ulit, ang kongregasyon dito ay may pananagutan. Sila din ay may kasalanan sa pagpapahintulot ng mga bulaang katuruan, kagaya ng mga bulaang guro. Sa tunay na pakahulugan ng doktrina, ang kongregasyon sa kabuuan ang pinakahuling hukuman na ipinakita sa Kasulatan.

(3) *Mga Bagay ng Disiplina (Kaayusan)*. Sa I Korinto 5, nananawagan si Pablo sa buong kongregasyon ng Korinto (hindi lamang sa mga nakatatanda) na kumilos, sa talatang 5, 7, 11, at 13. Hindi lamang ito isang bagay para kay Pablo na apostol o para sa anumang mayroon ang mga nakatatanda sa lokal na iglesia ng Korinto. Ito ay bagay na para sa buong kongregasyon. Tinanggap nila ito sa kanilang grupo at pinahihintulutan din. Kaya’t lahat sila ay nadamay sa kanyang kasalanan, at dapat nila itong pakawalan, o sila ang kakalas sa pagiging mga alagad ni Kristo. Sa mga bagay ng pagsasaayos ng Iglesia, ang buog kongregasyon ang pinakahuling hukuman na ipinakita sa Kasulatan.

(4) *Mga Bagay ng Pagkaka-anib sa Iglesia*. Naisulat ni Pablo sa II Korinto 2:6-8, *“Ngunit sapat na ang pagpaparusang ginawa sa kanya ng nakararami sa inyo. Patawarin na ninyo siya at aliwin upang hindi naman tuluyang masiraan ng loob. Kaya ipinamamanhik kong ipadama ninyo sa kanya na siya’y mahal pa rin ninyo.”* Kumilos sila upang maparusahan ang taong ito. Sa ganitong gawain, ay naisulong ito ng nakararami. Nasang-ayunan ng nakararaming kaanib ng iglesia na itiwag ang isang ito sa kanilang pagsasamasama. Ang parusa na ito ay waring may kabuluhan. Ito ayon kay Pablo, *“ay sapat para sa kanya.”* Ngayon nama’y sumulat si Pablo sa iglesia upang hikayatin silang tanggapin muli ang taong nagsisisi. Subalit hanggang sa pagpapalakas lamang ng loob si Pablo, dahil ang buong kongregasyon pa rin ang dapat na pinakahuling hukuman. Gaya ng sa Kasulatan.

## II. Kongregasyonismo: Ano ang Hindi Kahulugan Nito

**A. Mga Halimbawa sa Biblia ng mga Nagkakasalang Kongregasyon:** Sa pagsasabing ang Kasulatan ang nagpapakilala na ang kongregasyon ang pinakahuling hukuman ng pag-aapila, ang pinakahuling kapangyarihan sa mundo na nagbibigay kahulugan at nagpapairal ng Salita ng Diyos sa ating buhay, ay hindi nangangahulugang ang kongregasyon ay palaging tama. Nang sumulat si Pablo kay Timoteo, ang kanyang disipulo at ang pastor sa iglesia ng Efeso, isinalarawan niya ang parating na masasamang araw sa II Timoteo 4:3 na panahong *“hindi na nila pakikinggan ang wastong aral; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Mangangalap sila ng mga gurong walang ituturo kundi ang mga bagay lamang na gusto nilang marinig.”* Nakakawiling isipin na kahit iminungkahi ni Pablo na ang kongregasyon ay may pananagutan kasama ang mga nakatatanda sa pagbabantay ng doktrina ng iglesia (na ipinahiwatig niya sa kanyang sulat sa mga taga-Galacia), malinaw din niyang nasabi na magagampanan

nila ang kanilang pananagutan ng hindi maayos. Ang Kongregasyonalismo ay biblikal, subalit ang kongregasyon ay maaring magkamali.

**B. Mga Halimbawa sa Kasaysayan ng mga Nagkasalang Kongregasyon:** Malinaw ang halimbawang ito sa II Timoteo 4. Masakit man ang katotohanan sa kaysaysayan ng iglesia, ang mga nakaraang siglong nag-gugol ng malaki sa kadiliman, at kahit na ang patuloy na pagkakamali ng ating mga kapatiran na ating kinikilalang may karunungan Biblikal. Maraming halimbawa ng maling desisyon mayroon ang mga kongregasyon. Sa kasaysayan, nariryan ang kongregasyon na nagpaalis kay Jonathan Edwards. Mayroon silang karapatang biblikal na magkaroon ng ganitong kapangyarihan, subali't aayon din kayo, na napakahina ng pagkakagamit nito. Isipin din natin ang ating sariling kongregasyon. Hindi tayo magdadala pa ng pagdududa sa kapangyarihan ng Diyos kung babanggitin natin ang mga kamalian ng Kanyang iglesia gaya ng pangungumpisal ng ating mga kasalanan. Kahit ang matutuwid na kapangyarihang itinalaga ng Diyos sa makasalang mundong ito ay nagkakamali din.

**C. Ang Larawan ay hindi buo, subalit malinaw:** Ang pagsasal-arawan ng Kongregasyonalismo sa Bagong Tipan ay waring hindi buo. Ito ay ating inaakala, ibinubukod at winawari lamang, Subalit ito ay malinaw na umiiral, at habang iniisip mo ay lalo mong ganap na nakikita. Gayun pa man, ang inaakalang likas nitong katangian ang nagbibigay sa atin ng kalayaang isagawa ang “Kristianong paninimbang batay sa pangkalahatang batas ng Salita,” na naisulat ng mga banal sa Westminster (kabanata 1).

Halos lahat ng pagsasamasama ng mga mananampalataya ay kongregasyonal sa isang banda, kahit anumang pormal ang pamamalakad nito. Kahit na ang kongregasyon ng isang iglesia ay tagahawak lamang ng titulo ng pag-aari nito, ito ay pinamamahalaan din ng kongregasyon. Sa kasong ito, makakapagdesisyon ang kongregasyon na huwag ipagpatuloy ang mga bagay, kung hindi sila sang-ayon sa mga desisyon ng kanilang mga pinuno. Lalong higit na ang iglesia ay masasabing kongregasyonal kung ang kongregasyon ang may huling salita sa mga usapin ng badyet, o pagtawag ng pastor. Idagdag pa diyan na ang kongregasyon ang pinakahuling hukuman ng pag-aapila sa mga usapin ng doktrina at disiplina, mga alitan at pag-anib ng miembro, at magkakaroon ka na ng kongregasyonal na iglesia na walang ipinagkaiba doon sa mga modelong naibigay sa Bagong Tipan. Nasa sa diskresyon na ng bawat kongregasyon kung sila ay makikisali pa sa mga desisyon hinggil sa mga namumuno, sa mga tauhan, at badyet. Walang komite ng nominasyon at ingat yaman (trustees) sa Bagong Tipan. Wala ring komite ng pananalapi o maliliit na grupo ng pamumuno. Ang paniniwala sa pagkasapat ng Biblia, ay hindi nagbabawal sa ganitong grupo, iniaayon lamang nila ang kanilang kapangyarihan. Ipinapamalas lamang nito na hindi sila ang kabuuan ng iglesia, at dapat silang magpasakop sa karunungan ng buong kongregasyon.

### III. Kongregasyonalismo: Bakit ito Mahalaga

Bakit makabuluhan ang mga ito? Kung ang kongregasyonalismo ay ang pagsamasama nating mga Kristiano bilang iglesia, ang hamon sa atin ay hindi ang buuin ito, kundi kilalanin ito, at ayusin ang buhay ng ating iglesia. Dapat nating irespeto ang mga balangkas na nilikha ng Diyos at magtiwala sa Kanyang karunungan sa paggawa nito.

**A. Upang Mapanatili ang Katapatan ng Doktrina sa Kongregasyon:** Alam kong ang iba sa kampo ng Reformed ay higit na nakatuon tungo sa Presbiterong pamamalakad. Dahan-dahan at unti-unti itong ipinatutupad. Halimbawa, marami sa mga maka-Diyos na kongregasyon at mga iglesia ng mga Baptist, na nang magdesisyon sila na magkaroon ng mga nakatatanda, ay nagpasya rin sila na dagdagan ng kakaiba at mas mahigpit na panuntunan ng paggawa ang mga nakatatanda kaysa sa ibang miyembro ng iglesia. Gaya nito, ipatutupad sa miyembro ng iglesia ang *New Hampshire Confession*, at may dagdag pang ipatutupad sa mga nakatatanda ang *Philadelphia (o Second London) Confession*. Habang ang pagnanais sa pinakamahasag na karunungan sa mga nakatatanda sa kongregasyon ay biblikal at akma, higit pa nilang nanaisin ang ganitong pamamaraan upang sa pagkamit nito ay maaring mag-iwan ng bagay na pagnanasahan. Mayroon ba tayong nakitang ganitong malinaw na halimbawa sa Kasulatan? Wala. Maiiwan ba nito ang kongregasyon na parang walang alam bilang hukuman ng pag-aapila sa mga bagay ng doktrina, na siyang dapat at iniutos sa kanila ni Pablo sa Galacia? Pagpasiyahan mo ito sa iyong sarili. Habang ninanais kong mas higit na maunawaan ng mga maninilbihan bilang nakatatanda

ang doktrina, ay hindi ko naman nanaisin na ang iglesia ay mas magiging depende sa kanila na salungat sa ating nabasa sa Bagong Tipan.

**B. Ang Talaan ng Kasaysayan ng Kongregasyonalismo:** Mga kaibigan, ang pasya ng kasaysayan ay nandito na. Habang maliwanag sa atin na walang namamahala sa iglesia ang makakapigil dito sa mga pagkakamali, o sa pagbagsak, higit na nagkaroon ng masamang talaan ang mga may katungkulan sa pamamahala kaysa sa kongregasyonalismo, sa pananatili ng matapat at makabuluhang Kristianong patotoo. (Nakapagpabuti sa talaan ng kongregasyonalismo ang pagtatanggol nito sa kalinisan at pagtanaw ng iglesia sa pamamagitan ng bibliikal na gawain ng bautismo sa mga nananampalataya at ang pagtanggap nito sa pagbibinyag ng sanggol.) Ang pamamahalaan ng Papa at mga obispo ay gumawa ng kaguluhan sa mga umamin na sila ay Kristiano. Kahit na ang mga kapulungan, konperensya at mga presbitero, ay nagmamalabis din sa kanilang mga kapangyarihan, kapag sila ay nailipat mula sa pagiging tagapayo, sa pagiging pinuno. Nakapagpagulo pa sila kaysa sa nakatulong.

Hindi ba't ang ebanghelyo ay napakasimple at napakalinaw, at ang relasyon natin sa Diyos sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espirito na bagong kapanganakan ay totoo at ang grupo ng mga naniniwala sa ebanghelyo at sa mga kumikilala sa Diyos ang siyang higit na tagap-agtanggol ng ebanghelyo? Hindi ba't ito ang nakita natin sa Kasulatan?

#### IV. Kongregasyonalismo: Paano ito Gumagana

**A. Ang Pananagutan na dapat Ibigay ng Isang Namumuno:** Bilang kaanib ng kongregasyon, paano natin sasagutin ang Hebreo 13:17? "*Pasakop kayo sa mga nangangasiwa sa inyo. Sila'y may pananagutang magbantay sa inyo, at magbibigay-sulit sila sa Diyos ukol dito. Kung sila'y susundin ninyo, magagalak sila sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Kung hindi, sila'y mahahapis, at hindi ito makabubuti sa inyo.*" Hindi nangangahulugan na sinabi ng sumulat nito na ang mga Kristiano ay magiging tagapagsilbi na lamang sa kanilang mga pinuno. Malinaw ang kahulugan ng paksang ito. Ito ay may kinalaman sa pananagutan ng mga pinunong ito sa kanilang mga gawain, at ang pananagutang ito ay ibibigay sa Diyos!

**B. Pagtiwala sa mga Namumuno:** Ito ba ay may malawak na pakahulugan? Oo, sa palagay ko, higit na makakatulong sa mga Kristiano kung isasaisip nila ang kahalagahan ng tungkulin ng mga namumuno sa iglesia, lalo na sa pagtuturo. Sinabi ni Santiago sa Santiago 3:1 na "ang mga nagtuturo ay ay hahatulan nang mahigpit". Ang pananagutan ng mga nakatatanda sa huli ay hindi sa ating iglesia; ito ay sa Diyos.

Nakikita mo ba ang kahalagahan nito? Sa ating sama-samang tungkulin, hindi ko iminumungkahi na hahayaan tayo ng Diyos na gumawa bilang isang komite sa bawat oras. Lagi tayong magpapasalamat sa Diyos, sa mga pinunong inilagay Niya sa atin. Atin silang kilalanin at pagkatiwalaan. Ang mga salita dito gaya ng "*sunod*" at "*sakop*" ay mga salitang hindi natin malimit na marinig, subalit mga salita ito sa Bagong Tipan na para sa mga taong nasa lipunan at hanapbuhay, nasa tahanan at sa ating pag-aasawahan, nasa Diyos at sa iglesia. At nangangailangan ito ng ating pagtiwala.

Nasabi na, na ang tiwala ay dapat kitain. Nauunawaan ko ang kahulugan nito. Kapag may bagong administrasyon na dumating, may bagong pinuno na ilalagay upang gumawa, o kaya'y simula ng isang bagong pakikipagkaibigan, na sa ating karanasan ay nais nating makita kung paano makibaka ang mga taong ito sa mga pagsubok, paano sila nagtitiyaga, at kung nagtagumpay man sila ay hindi lamang sarili ang nakinabang, kundi ang iba rin. Kaya masasabi nating ang tiwala ay kinita.

Subali't ang ganitong ugali ay madalas hindi laging tapat. Kadalasan, ang uri ng tiwala na ibinibigay natin sa ating mga kapwa hindi perpektong tao, sila man ay kapamilya o kaibigan, empleyado o opisyal ng gobyerno, o mga pinuno sa ating iglesia, ay hindi kailanman kinikita. Ito ay kailangang ibigay bilang isang kaloob—kaloob sa pananampalataya, lalo na sa pagtiwala sa Diyos na nagbibigay, kaysa sa sinomang ipinagkaloob ng Diyos sa atin. Isang malalang kawalan sa iglesia ang magkaroon ng pinunong hindi mapagkatiwalaan o mga miyembro na hindi kayang magtiwala.

Kaya't paano tayo dapat magtiwala? Isipin mo ang isang simpleng grap, na may isang linya na sumusukat ng tumataas na kalinawan at ang isa ay tumataas na kahalagahan. Ang apat na parisukat ay (1) mga bagay na malinaw, subalit hindi mahalaga, (2) mga bagay na hindi malinaw at hindi rin mahalaga, (3) mga bagay na malinaw at mahalaga, (4) mga bagay na mahalaga, subalit hindi malinaw.

(1) *Malinaw, subalit hindi mahalaga* (halimbawa, Pipinturahan ba natin ang labas ng gusali ng kulay ube?) – Sa ganitong kategorya, walang masyadong pag-uusapan, Kahit ito’y nasa paksang “Ibang mga Gawain”, hindi ako sigurado kung ano ang mangyayari.

(2) *Hindi mahalaga at hindi rin malinaw* (halimbawa, Isasara ba natin ang ating pananambahan sa panalangin o sandaling katahimikan?) – Sa ganitong bagay, isang mabuting diskusyon sa kongregasyon ay tama na. Ito ay hindi gaanong mahalaga. Tulad nito’y mga paksa sa paglilinis o sa pagpaparada ng sasakyan.

(3) *Kapwa malinaw at mahalaga* (halimbawa, Kailangan ba nating ipagpatuloy na hingin ang paniniwalang si Hesus ay buong Diyos at buong tao, upang maging miyembro n gating iglesia?) – Laging may pagkakasunduan dito, subalit kung may malaking pagkakamali ang mga nakatatanda alinman sa doktrina o disiplina, dito palaging nananawagan ang mga apostol sa kongregasyon ng Bagong Tipan. Dapat bang maghiwalay ang iglesia sa Herusalem? Ipagsasawalang halaga ba ng iglesia sa Korinto ang kanilang patotoo sa kabanalan ng Diyos, at iligaw ang mga tao sa tunay na kahulugan ng pagiging Kristiano? Ipagkakaila ba ng iglesia sa Korinto ang pagkilala sa tunay na pagsisisi? Ipagsasawalang halaga ba ng iglesia sa Galacia ang Ebanghelyo? Tatanggapin ba ng iglesia sa Efeso ang mga bulaang turo? Sa ganitong malinaw na bagay sa pagkilos ng kongregasyonsa Bagong Tipan, ang pinakamahalagang usapin ay nakataya.

(4) *Mahalaga, subalit hindi malinaw* (halimbawa, Dapat ba nating kilalanin ang taong ito bilang nakatatanda o pagtibayin ang gawain ng mga miyembro; dapat bang ipamahagi ang ganitong kalaking gastusin, o ipasa sa kongregasyon ang desisyong ito?) – Ito ang mga usapin na mahalagang makinig ang iglesia sa mga nakatatanda. Ito ang parisukat na kung saan lubos na nagsisilbi ang mga nakatatanda sa iglesia, kaysa sa subukin ng iglesia ang gumanap bilang pangkalahatang komite, o hayaan ang ang pastor, o ang ibang pinuno ng komite ang mag-isang magpasya. Ito ang mahalagang bahagi na kung saan maaring ang iglesia ay natutuwa at pinapagpapala sa pamunuang ibinigay ng Diyos, o ang tangihan nila ito at harapin ang kabayaran.

<b>Tumataas na Kalinawan →</b>	<b><i>Malinaw, Subalit Hindi Malaga</i></b>	<b><i>Kapwa Malinaw at Mahalaga</i></b>
	<b><i>Hindi Mahalaga at Hindi Malinaw</i></b>	<b><i>Mahalaga Subalit Hindi Malinaw</i></b>
	<b>Tumataas na Kahalagahan →</b>	

**C. Pasiglahin at Pagkatiwalaan ang Inyong mga Tagapanguna:** Ang pangunahing saloobin ng isang miyembro ng iglesia ay ang magtiwala sa kanilang nakatatanda o palitan ang mga ito. Subalit huwag mong sabihing kinikilala mo sila, subalit hindi mo sinusunod. Kung hindi ka sang-ayon sa mga panukala ng nakatatanda, magkaroon ka ng magandang dahilan. Kausapin mo sila hinggil dito. Maliban sa Biblia, ikaw ang pangunahing pinagmumulan ng pagkakakilala ng nakatatanda tungkol sa IYO! Hayaan mong ipagawa ko sa inyo na mag-usap lingid sa kaalaman ng inyong nakatatanda, palihim na magkita, at magbalak na palakasin ang loob niya. Pagplanuhan ninyong gawing kagalakan at hindi kabigatan ang kanyang mga gawain. Sinabi ng sumulat sa Hebreo na sa pamamagitan nito ay magiging pagpapala ang mga namumuno sa inyo.



Si John Brown, isang guro ng mga ministro sa Scotland dalawang daang taon na ang nakalipas, ay sumulat ng isang maka-amang payo sa isa niyang mag-aaral na bagong naordinahan sa isang maliit na kongregasyon. Doon ay nasabi niya,

Alam ko ang kapalaluan ng iyong puso, at ang nararamdaman mong hiya dahil sa maliit lamang ang iyong kongregasyon, kumpara sa mga kapatirang nakapalibot sa iyo; subalit tiyakin mo sa iyong sarili ang salita ng isang matandang lalaki, na kung magbibigay-sulit ka na para sa kanila sa ating Panginoong Hesukristo sa Kanyang Luklukang-Panghatol, maiisip mong nagkaroon ka ng sapat.

Gaano karaming iglesia ngayon ang nagpapatuloy ng masamang kombinasyon ng mga makasariling pinuno at mga miyembrong matitigas ang ulo? Kadalasa'y nawawala ang kongregasyong ito. May mga iglesia namang may magandang kongregasyon, subalit kinilala nila ang mga maling tao bilang mga pastor at nakatatanda, mga taong nagpakita ng sarili nila bilang mga pabaya at mangmang, at higit sa lahat ay mga impostor. Marami na sa atin ang nakasama na sa ganitong iglesia. Ang iba namang iglesia ay may magagaling at maka-Diyos na pinuno, subalit ang kongregasyon naman ay di kumikilos at makasarili. Kung mananatili ang ganitong uri ng pastor at matiyagang magtuturo, mababagong muli ang kongregasyon. Kung hindi, ang ganitong kongregasyon ay, sa aking palagay, ay magdadala ng mabigat na hatol sa huling araw, dahil sa pananakit ng isang pastol ng kawan ni Kristo. Subalit ang maayos na iglesia, na kahit na may mga hindi perpektong miyembro at pinuno, ay nakikilala sa maka-Diyos na pagkukusa at paninilbihan, maka-Diyos na pagtuturo at pagsunod, maka-Diyos na pamunuan at pagsapi.

Sa ganitong kalawak na ideya ng pagsapi tayo tutungo.

# PAGSAPI

---

## I. MATINDING PAGKATAKOT SA KOMPROMISO AT PAGSAPI

### II. ANO TALAGA ANG ISANG IGLESIA?

- A. Ang “iglesia” ay hindi isang gusali.
- B. Ang Iglesia ay isang malinaw na natatanging komunidad
  - 1. Sa Bagong Tipan
  - 2. Sa Lumang Tipan
  - 3. Ang Baptist ay may kasaysayang kakaiba sa ganitong pang-unawa
  - 4. Isang paalala sa mga sumusulat ng kasaysayan

### III. BAKIT KA SASAPI SA ISANG IGLESIA?

- A. Kahalagahan ng Tanong
- B. Limang Dahilan sa Pagsapi sa Isang Iglesia
  - 1. Katiyakan para sa ating sarili
  - 2. Pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong mundo
  - 3. Ilantad ang mga Bulaang Ebanghelyo
  - 4. Pagpapatibay ng Iglesia
  - 5. Ang Kaluwalhatian ng Diyos

### IV. MGA TANDA NG PAGSAPI SA IGLESIA

- A. Bautismo
  - 1. Katibayan laban sa Pagbabautismo ng Sanggol
  - 2. Biblikal na Katibayan ng Pagbabautismo ng Naniniwala
- B. Ang Banal na Hapunan
- C. Pagdalo
- D. Disiplina
- E. Pagmamahal

# PANGAPAT NA KABANATA

---

## PAGSAPI

Ating simulan sa pag-amin na ang buong ideya ng pagsapi sa iglesia ay waring hindi mabunga sa nakararami sa ngayon. Hindi ba't parang may distansya at may pagkasosyal na sabihing may mga taong pasok at iba nama'y labas? Maari ba nating sabihin na ito'y hindi bibliikal at parang di maka-Kristiano? Sinabi sa katapusan ng Gawa 2 na, "idinragdag sa kanila ng Panginoon" (iyan ay, sa iglesia) ang mga naliligtas. Hindi ba't iyan talaga ang nakapaloob dito? Pati sa Gawa 8, ay may isang opisyal ng pamahalaan ng Etiopia ang naglalakbay sa Palestina at pauwi na sakay ng kanyang karo at binabasa ang Isaias. Pinangunahan si Felipe ng Banal na Espiritu upang harangin at kausapin siya; naniwala ang opisyal at nagpabautismo. Sa ganitong pangyayari, ang taga-Etiopia ba naito ay kusa ng miyembro ng iglesia?

### I. Matinding Pagkatakot sa Pangako at Pagsapi

Lahat ng ito ay mahalaga kaysa sa iniisip ng iba. Kumbinsido ako na ang tuwid na pagkakaunawa ay susi sa pagpapasiglang muli ng iglesia, pagpapalaganap ng ebanghelyo sa ating bansa, na magpapasulong para kay Kristo sa buong mundo, at makapagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos!

Ang mga ebanghelistang Amerikano ay mahigpit na nangang-ailangang mapag-isipang muli at mabigyang pansin ang paksang ito, lalo na sa pagsasama-sama ng mga iglesia sa Southern Baptist convention. Ayon sa isang pag-aaral ng Southern Baptist ilang taon na ang nakakalipas, ang tipikal na iglesia ng Southern Baptist na may 233 miyembro ay mayroon lamang 70 na dumadalo sa pananambahan. Ang tanong ko ay ganito: nasaan ang ibang 163 miyembro? Nasa bahay ba sila at may sakit, nasa bahay pahingahan, nasa kolehiyo, nasa bakasyon, o nasa militar na destino? Ang iba siguro, subalit lahat ng 163? Ano ang nais iparating ng Kristyanismo sa mundong nakapaligid dito? Ano ang nauunawaan mo sa kahulugan ng Kristyanismo sa buhay mo? Ano naman ang kalagayang espirituwal ng mga taong ito na hindi na dumadalo ng ilang buwan o higit pa? Dapat ba nating alamin ang di nila pagdalo? Upang maunawaan nating lahat ito, atin munang tanungin, "Ano ba talaga ang iglesia?"

### II. Ano Talaga ang Isang Iglesia?

**A. Ang "Iglesia" ay hindi isang gusali:** Ang salitang "iglesia" ay hindi tumutukoy sa isang pangkat ng relihiyon. Gaya ng hindi namin pagtukoy sa iglesia ng Buddhist, o iglesia ng Hudyo. Una sa lahat ang salitang "iglesia" ay hindi namin sinasabing isang gusali, pumapangalawa lamang ito. Ang gusali ay kung saan nagkikita ang iglesia, kaya't ang puritanong pangalan para sa gusali ng iglesia sa New England ay, "meeting house" o "bahay ng pagkikita". Ang mga naunang iglesia sa New England ay mukhang malalaking bahay sa labas. Ito ay isa lamang na bahay kung saan ang iglesia ay nagkikita.

### B. Ang Iglesia ay isang malinaw na natatanging komunidad:

(1) *Sa Bagong Tipan* – Ayon sa Bagong Tipan, ang iglesia una sa lahat ay isang regular na kapulungan ng mga tao na nagpapahayag at nagbibigay ng patotoo na sila ay naligtas sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Kristo para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito ang iglesia ng Bagong Tipan; hindi ito isang gusali. Ang mga naunang Kristiano ay walang gusali sa loob ng tatlong daang taon mula ng ito'y magsimula. Ang mga lokal na iglesia ng mga Kristiano ay mga kongregasyon lamang na binubuo ng mga tao. May mga taong nakikilala sa loob ng isang kapulungan at mayroon ding nakikilala na taga-labas. Kaya't ang pangangaral na itinuro ni Hesus sa Mateo 18 at ni Pablo sa I Korinto 5 ay nagpapakita na ang tao ay hiwalay, hindi galing sa isang politikal na komunidad

bagkus sa isang natatanging sosyalidad. Hindi man tayo siguradong may listahan na ng mga tao noon sa mga naunang iglesia, ito'y maari ding mayroon. Alam natin na ang unang iglesia ay may talaan na ng mga balo; alam din natin na ang Diyos ay may talaan din ng sansinukob sa Aklat ng Buhay. At alam din natin sa II Korinto 2 na si Pablo at ang mga taga Korinto ay malinaw na nakikita ang karamihan ng partikular na grupo ng tao na alam nilang miyembro ng iglesia na maaring bumoto.

(2) *Sa Lumang Tipan* – Ang kaisipan hinggil sa malinaw na komunidad ng tao ay mahalaga sa mga gawa ng Diyos sa Lumang at Bagong Tipan. Mula sa mga gawa ng Diyos sa buhay ni Noe at ng kanyang pamilya, kay Abraham at ng kanyang mga anak at lahi, sa bansang Israel, sa iglesia ng Bagong Tipan, pinili ng Diyos na manatili ang mga bukod at natatanging tao upang itanghal ang Kanyang ugali. Hangarin ng Diyos na laging may malinaw at markadong pagkakakilanlan ang sa Kanya ay nagtitiwala at doon sa hindi.

(3) *Ang Baptist ay may kakaibang kasaysayan sa ganitong pang-unawa* – Ang ganitong konsepto ng iglesia bilang isang komunidad, ang nakapagpakilala sa mga Kristianong Baptist sa iba. Noong kapanahunan ng Repormasyon, ang relasyon ng bansa at iglesia ay sarado at komplikado. Ang disiplina ng anuman sa bansa at iglesia ay nakakaapekto sa bawat isa. Pinaniniwalaan nila na ang sinomang ipinanganak sa loob ng isang politikal na kapangyarihan, ay dapat maging miyembro ng relihiyon ng bansa. Ang panunumbalik ng pagbautismo sa mga mananampalataya sa panahon ng Repormasyon, ay nagbanta sa pinaka-ugat ng kapulungang ito, habang ibinabalik ng mga Baptist ang konsepto ng Bagong Tipan na ang iglesia ay kongregasyon ng mga personal na nagpapahayag at nagpapatotoo ng paglago.

(4) *Isang paalala sa mga sumusulat ng kasaysayan* – Ang iglesia bilang isang boluntaryong nanumpang komunidad ng mananampalataya ay isang mahalagang kontribusyon ng mga Baptist na partikular sa kalayaang pangrelihiyon ng Amerika. Nakikita ng iba ngayon ang mga Baptist bilang pwersa ng mangmang, mapang-api at relihiyosong diktador. Subalit ito ay kabaligtaran at malayo sa katotohanan. Ang kalayaan ng ibang manlait sa atin sa panulat at salita, ay pinoprotektahan naman ng pang-unawa ng iglesia na tayong mga Kristianong Baptist ang sumoporta sa bansang ito sa loob ng tatlong siglo.

Ang iglesia ay hindi isang bagay na para sa iyo at para sa bawat miyembro ng iyong pamilya at lahi, o sa bisa ng iyong pagiging mamamayan ng Amerika. Hindi, ang bagong Tipan ay nagtuturo na ang iglesia ay para sa mga mananampalataya. Kaya't ating sinusupportahan ang batas ng ating bansa na magbibigay ng kalayaan sa iglesia na gumalaw ng may laya. Hindi sinusupportahan ng Baptist ang magkaroon ng isang bagong iglesia sa Amerika at laban tayo diyan. Ang ating pagkaunawa ng iglesia ang maghahadlang. Ating isinusulong ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa ating bansa sa pamamagitan ng mga iglesiang samasamang nagkakasundo sa ebanghelyo ni Hesus. At ang iglesia ay isang lokal na koleksyon ng mga Kristiano na nakalaan kay Kristo at sa bawat isa.

### III. Bakit ka Sasapi sa Isang Iglesia?

**A. Kahalagahan ng Tanong:** Ang paksang ito ay napakahalaga para sa iglesia at sa ating mga Kristiano ngayon. Isa itong mahalagang paksa hinggil sa pagkaunawa mo sa pagtawag ni Kristo bilang isa Niyang disipulo. Ang pagsali sa isang iglesia ay hindi makakapagligtas sa iyo at hindi rin ng iyong mabuting gawa, ng iyong edukasyon, ng iyong kultura, ng iyong kaibigan, ng iyong kontribusyon o ng iyong pagpapabautismo ang makakapagligtas. Ang mga di Kristiano ay di dapat basta sumapi sa iglesia, bagkus dapat nilang malaman kung ano ang kahulugan ng pagiging Kristiano. Subalit doon sa nagsasabing sila ay Kristiano, ako ay may tanong: Ano ba ang ibig sabihin ng mamuhay bilang Kristiano? Nabubuhay ba tayo bilang Kristiano na nag-iisa?

**B. Limang dahilan sa pagsapi sa Iglesia?** Maraming magandang katanungan ang maaring itanong hinggil sa pangangailangan natin ng iglesia, subalit bibigyan ko kayo ng limang magandang dahilan sa pagsapi sa iglesia na nagpapahayag ng ebanghelyo, at nagtatanghal ng Kristianong pamumuhay.

(1) *Katayanan para sa ating mga sarili* – Hindi ka dapat sumali sa isang iglesia upang maligtas, subalit sumali ka upang matulungan ka na maging tiyak sa iyong kaligtasan. Alalahanin mo ang sinabi ni Hesus sa ebanghelyo ni Juan:

*Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad nito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya, at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya... Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako'y nananatili sa kanyang pag-ibig... Kayo'y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos ko... Kung mauunawaan ninyo ang mga bagay na ito at inyong gagawin, mapapalad kayo. (Juan 14:21; 15:10, 14; 13:17).*

Sa pagsapi sa iglesia, inilalagay natin ang ating sarili sa posisyon kung saan hinahayaan natin ang kapatiran na gawin tayong responsable na mamuhay ayon sa sinasabi ng ating mga bibig. Hinahayaan natin silang pasiglahin ang ating buhay sa pagpapa-alala sa atin ng mga ginawa ng Diyos sa ating buhay o kaya'y hamunin tayo kung tayo'y nalalayo sa pagsunod sa Kanya. Ang pagsapi mo sa iglesia ang pampublikong patotoo ng kongregasyon na ang buhay mo ay katibayan ng isang pagbabago.

Ang pagsapi sa isang lokal na iglesia ay hindi makakapagligtas, subalit ito ay nagpapakita ng kaligtasan. At kung walang pagpapakita, paano natin malalaman ang sinasabing kaligtasan?

Sa pagiging kasapi ng iglesia, hinahawakan natin ang kamay ng bawat isa, upang makilala at makipagkilala, at tulungan at pasiglahin ang kapwa sa pagpapa-alala sa kanya ng mga gawa ng Diyos sa buhay niya, o mahamon sa mga pagkukulang ng iyong salita sa iyong gawa.

(2) *Pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa Buong Mundo* – Kailangan mong sumapi sa isang iglesia upang mapalaganap ang ebanghelyo sa mundo. Higit nating mapapalaganap ang ebanghelyo sa ating tahanan at sa buong mundo, kung sama-sama tayo. Magagawa natin ito sa ating salita habang sinasabi natin ang mabuting balita sa iba, at upang tulungan natin ang iba upang gawin ito. Ang isang lokal na iglesia ay sa kaurian, isang organisasyong misyonero.

Sinusuportahan natin ito sa ating mga gawa upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos sa pag-aalaga ng mga naulila, mga may sakit, mga bata at mga mahihirap. Sa ating pagsasama samang mga iglesia, nakakatulong tayo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong mundo, at nagbibigay tayo ng milyun-milyong dolyares at libu-libong manggagawa na nagboluntaryong tumulong sa mga may agarang pangangailan gaya ng mga nasalanta, edukasyon, at sa iba pang di mabilang na ministeryo. Kahit hindi tayo perpekto, kung ang Banal na Espirito ay tunay na nasa atin, gagamitin Niya ang ating buhay at mga salita upang ipakita sa iba ang katotohanan ng Kanyang Ebanghelyo. Ito ay isang natatanging katungkulan ngayon na hindi na natin magagawa sa langit. Ito ang natatanging pribelehiyo ng Iglesia ngayon – ang maging bahagi ng plano ng Diyos, ang dalhin ang Kanyang ebanghelyo sa mundo.

(3) *Ilantad ang mga bulaang ebanghelyo* – Nais ng Diyos na magkasama sama tayo sa gnitong paraan upang ilantad ang mga bulaang ebanghelyo. Sa ating pagsasama sama bilang Kristiano na maipapakita natin sa mundo kung ano ang totoong pagiging Kristiano. Sa ating mga iglesia, mailalantad natin ang mga mensahe at imahen na wari'y biblikal at tunay na Kristiano, subalit hindi. Hindi kaya na ang iba ay hindi kasapi ng iglesiang ebanghelikal ay dahil sa hindi sila tunay na naniniwala sa katulad na ebanghelyo? Kasama sa misyon ng iglesia ay ang kilalalanin at ipagtanggol ang tunay na ebanghelyo at ingatan ang paggamit nito sa kasamaan. Dapat nating malaman na kasama sa ating tungkulin sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ay hindi lamang itanghal ng tama ang ebanghelyo ni Hesukristo, kundi pati na ang ang pagtanggap ng masama, nakakalito, at tiwaling mga saksi na nagtaas ng kanilang mga sarili bilang mga Kristianong iglesia, subalit lalong inililihis ang ebanghelyo kaysa sa patunayan ito.

(4) *Pagpapatibay ng Iglesia* – Ang ikaapat na dahilan sa pagsapi sa iglesia ay ang pagpapatibay o pagtatayo ng iglesia. Ang pagsapi sa iglesia ay makakatulong na tuligsahin ang maling pag-iisa at makakatulong na makita ang likas na pagsasama sama ng mga kapwa Kristiano. Kung pag-aaralan mo ang Bagong Tipan matutunghayan natin na kasama sa buhay Kristiano ay ang pag-aalaga at pagmamalasakit sa bawat isa. Ito ay bahagi ng kahulugan ng pagiging Kristiano. At kahit ginagawa natin ito nga hindi perpekto, dapat tayong maging seryoso sa paggawa nito. Hangarin nating magpalakas ng loob kahit mumunting hakbang tungo sa kabutihan, pagmamahal, hindi makasarili at buhay na katulad ni Kristo.

Sa aming pag-aaral bilang kasapi ng iglesia, lagi kong ikinukuwento ang istorya ng aking kaibigan na gumagawa sa isang Kristianong ministeryo sa loob ng paaralan habang dumadalo sa aming iglesia. Pumapasok siya sa simbahan matapos ang pag-aawitan ng imno, uupo para sa mensahe at agad ng

aalis. Tinanong ko siya minsan kung bakit hindi niya daluhan ang buong pananambahan. Sinabi niya, "Eh, wala akong nakukuha sa ibang bahagi nito." Sabi ko naman, "Naisip mo bang sumali sa iglesia?" Sa isip niya ay isa itong walang katuturan tanong. Sinabi niya, "Bakit ako sasali sa iglesia? Kung sasali ako, pababagalin lamang nila ang paglago kong espiritual." Nang sinabi niya ito, nagtaka lamang ako kung ano ang pang-unawa niya sa kahulugan ng pagiging Kristiano. Sinagot ko siya, "Naisip mo na ba na marahil na nais ng Diyos na makipag kapit-bisig ka sa ibang tao? Marahil nga na pababagalin ka nila, subalit baka sakaling matulungan mo silang mapabilis. Marahil ito ay bahagi ng plano ng Diyos sa atin habang tayo ay namumuhay na magkasama bilang mga Kristiano!"

(5) *Sa ikaluluwalhati ng Diyos* – Sa huli, nararapat sumali ang isang Kristiano sa iglesia para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Isinulat ni Pedro sa mga naunang Kristiano, "Mamuhay kayo nang maayos sa gitna ng mga walang pananampalataya. Kahit pinararatangan nila kayo ngayon ng masama, magpupuri sila sa Diyos sa Araw ng Kanyang pagdating, kapag nakita nilaang inyong mabuting gawa." (I Pedro 2:12). Nakakamangha, hindi ba? Subalit, maari mong sabihing narinig ni Pedro ang mga turo ng Kanyang Maestro. Naalala mo ba ang itinuro ni Hesus sa Kanyang Sermon sa Bundok. "Gayon din naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harapan ng mga tao, upang makia nila ang inyong mabuting gawa, at luwalhatiin ang inyong Amang nasa langit." (Mateo 5:16). Muli ang nakakagulat na kaisipan ay ang pagtanggap ng Diyos ng kaluwalhatian sa ating mga mabuting gawa. Kung totoo man ito sa ating buhay, hindi katakatakang makita natin sa Salita ng Diyos na mangyayari din ito sa ating sama samang buhay bilang mga Kristiano. Hangarin ng Diyos na kung paano tayo magmahalan sa isa't isa'y magpapakilala sa atin bilang tagasunod ni Kristo. Alalahanin mo ang tanyag na salita ni Hesus sa Juan 13:34-35, "Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: mag-ibigan kayo! Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman mag-ibigan kayo. Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko." Ang sama-sama nating pamumuhay ay isang marka na tayo ay Kanya, at sa Kanya ay magbibigay ng luwalhati at papuri.

#### IV. Mga Tanda ng Pagsapi sa Iglesia

Habang naririto tayo sa makasalanang mundo at nakikisalamuha sa lahat, paano natin malalaman kung sino at kung sino ang hindi miyembro ng isang iglesia? Sino ang pasok at sino ang labas?

**A. Bautismo:** Una sa lahat, upang maging kasapi ng isang iglesia, kailangang na-bautismuhan ka na bilang mananampalataya at nangumpisal sa iyong mga kasalanan at ipinaalam na pinagsisihan mo ang lahat ng ito at nagtiwala lamang kay Kristo para sa iyong kaligtasan. Naitala ng Kasulatan sa Mateo 28 ang malinaw na utos ni Hesus na bautismuhan ang mga naging disipulo. Sa buong aklat ng Mga Gawa, nakita natin na ang mg utos na ito ay naunawaan at sinunod ng mga disipulo.

Naniniwala tayo na ang bautismo ay nakareserba lamang doon sa mga tahasang nagpahayag ng pananampalataya kay Kristo. Dahil dito, naniniwala tayo na isang maling doktrina ang mag-bautismo ng mga sanggol. Bibigyan ko kayo ng limang dahilan hinggil sa ganitong paniniwala:

##### (1) *Katibayan Laban sa pagbabautismo ng Sanggol*

1. Walang sumasalungat sa pagbabautismo ng mga mananampalataya. Ang pinag-tutunggalian ay ang pagbabautismo ng sanggol.

2. Walang maliwanag na halimbawa ng pagbabautismo ng sanggol sa Bagong Tipan.

3. Walang maliwanag na katuruan ng pagbabautismo ng sanggol sa Bagong Tipan.

4. Walang makikita sa Bagong Tipan na nagtuturo ng pagkakanay ng pisikal na pagtutuli sa pisikal na pagbautismo. Katunayan, sa Kolosas 2 pinaghanay ang *espirituwal* na pagtutuli, na pagtutuli *ng puso*, sa pisikal na bautismo. Ito ang magsusuporta sa kaisipang ang bautismo ay para lamang doon sa nagpatibay na sila ay ipinanganak na muli.

5. Sa kasaysayan, ang pagbabautismo ng sanggol ay wala sa Bagong Tipan, at wala din sa *Didache*, isang manwal ng pananambahang Kristiano noong ikalawang siglo. Walang naitala tungkol dito

noong una at pangalawang siglo. Noong ikatlong siglo, may naitalang pag-bautismo ng sanggol subalit hindi ang pag-bautismo ng sanggol na itinuturo ng ating mga kaibigan sa “Reformed Protestant”. Ito ay ang itinuturo ng simbahan ng Romano Katoliko sa ngayon – na ang bautismo ay nakakaapekto sa ating pagiging mga ipinanganak na muli, ang ating paglago, ang ating kaligtasan. Ang kaisipan ng pag-bautismo ng sanggol na itinuturo ng ating mga kaibigan sa Reformed Protestant, ay naitala lamang noong 1520 matapos nilang ibalik ang pag-babautismo ng mga mananampalataya. Si Huldrich Zwingili ang nanguna sa kaisipan na ang pag-bautismo ng sanggol ay hindi nakakapagligtas at nakakapagpalago.

(2) *Biblikal na Katibayan ng pagbautismo ng mananampalataya* – Ang paniniwala ni Pablo sa kanyang mga sulat na sinomang nabautismuhan ay nakaranas na ng bagong buhay (Roma 6), at silang ang mga puso ay natuli na (Colosa 2). Ang bautismo ay mahalaga sa pagsapi sa isang iglesia. Kung tatanggihan ang maliwanag na utos ni Kristo, ang mga di nagpabautismo at nagsasabin na sila ay tagasunod ni Kristo, ay kaagad madidisciplina hanggang sila ay sumunod sa mga kautusan ni Kristo, o ititigil na ang pagpapatunay ng iglesia na sila ay tagasunod ni Kristo. Wala ng higit na madaling ipapagawa ni Kristo sa iyo, kundi ang magpabautismo.

**B. Ang Banal na Hapunan:** Ang pagiging kasapi ng iglesia ay nangangahulugang naroroon ka sa Banal na Hapunan. Nangangahulugan itong patuloy ka sa pagiging Kristiano. Naitala sa Kasulatan na iniutos ni Hesus sa kanyang mga disipulo na kumuha ng tinapay at alak, gaya ng sinabi Niya sa Kanyang mga salita tungkol sa tinapay “*sa pag-aalaala sa akin*” at sa saro, sinabi Niya, “*tuwing iinumun ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin.*” Nalaman natin sa sulat ni Pablo sa I Korinto, na ito ay ginagawa na noon pa man at patuloy na ginagawa ng mga nagpapahayag na Kristiano simula noon. Ang pagpapakita ng iglesia sa Banal na Hapunan ay isang simbulo ng iglesia bilang pagtitipon ng mga nabubuhay sa pananampalataya kay Hesus.

**C. Pagdalo:** Ang pagiging kasapi ng iglesia ay nangangahulugang regular kang dumadalo sa pampublikong pagtitipon. Ang pagdalo ang ating ministryo sa bawat isa. Sa malimit na mabanggit na pahayag sa Hebreo 10:25, “*At huwag kaligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon gaya ng ginawa ng ilan, kundi palakasin ang loob ng isa’t isa, lalo na ngayong nakikita nating nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.*”

Kung ang Bagong Tipan ay gumagamit ng imahe ng iglesia na isang gusali, tayo naman ang mga bato nito; kung ang iglesia ay isang katawan, tayo ang mga miyembro; kung ang iglesia ang sambahayanan ng pananampalataya, tayo ay kasama sa sambahayanang ito. Ang tupa ay sa kawan, at ang mga sanga sa bagin. Ayon sa Biblia, kung ang isa ay Kristiano, dapat siyang kasapi ng isang iglesia. At ang pagsaping ito ay hindi lamang talaan ng ating mga nabigkas na salita o damdamin sa isang lugar. Ito ay isang pagpapakita ng buhay na pangako, regular na pagdalo, o ito’y walang kabuluhan, at malala sa pinakamalala, ito ay mapanganib.

Ang mga hindi nagpapasangkot na miyembro ay nagpapalito ng tunay na miyembro at ng hindi Kristiano, sa kung ano ang tunay na kahulugan ng maging Kristiano. At tayong mga aktibong miyembro ay walang maitutulong sa mga di aktibong miyembro kung hahayaan pa natin silang manatiling mga miyembro ng iglesia; dahil ang pagsapi ay ang sama-samang pagpapatunay ng iglesia sa kaligtasan ng isang tao. Dapat nating maunawaan ito; ang pagsapi sa isang iglesia ay ang sama-samang pagpapatunay ng iglesia sa pagkakaligtas ng isang miyembro. Subalit paano mapapatunayan ng isang kongregasyon ang isang di nakikitang tao na patuloy na tumatakbo sa karera?

Sa aming iglesia, palagi naming napupuna ang mga hindi na dumadalo at hinihikayat namin silang bumalik o kaya’y aming inaalagaan (gaya ng nasa militar, nasa kolehiyo, o nasa bahay nila at may sakit). Kung hindi na makadalo ang isa ay Hangarin naming alisin na sila sa talaan ng mga kasapi upang mahikayat silang dumalo sa isang iglesia ng regular.

**D. Disiplina:** Ang disiplina ay isang maliwanag na bahagi ng pagsapi sa iglesia. Sa katuruan ni Hesus sa Mateo 18, kay Pablo sa I Korinto 5 at Galacia 6, napatunayan na ang isang gawain ng iglesia ay ang gumawa ng hangganan sa mga taong dapat maalis subalit sa sarili nila ay hindi payag na maalis sa pagsapi sa iglesia. Para sa higit pang kaalaman, hinggil sa mahalaga subalit nakakaligtaang bagay na ito, tunghayan ang mga gawa ni Jay Adams, *Handbook of Church Discipline* (Zondervan, 1986) at Mark Dever ed., *Polity: Biblical Arguments on How to Conduct Church Life* (Center for Church Reform, 2001). Tinalakay ni Adams ang mga bagay na ito sa paningin ng isang Presbitero, at ang ikalawang aklat naman

ay ang pinagsama-samang sampung aklat ng mga naunang Baptist. Kahit ang dalawang aklat na ito'y tumalakay hinggil sa disiplina mula sa magkaibang grupo, may pagkakahambing naman ang kaisipan nila. Makakatulong ang mga aklat na ito sa pastor o sa namumuno sa iglesia.

**E. Pag-ibig:** Ang pag-ibig ay dapat nakikita sa mga kasapi ng iglesia. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo sa Juan 13, "*Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko.*" (Juan 13:35). Kung magpasya ang isa na tamang tawagin silang Kristiano kung hindi naman nila ginagawang makisama sa mga Kristiano ng may pag-iibigan, dapat nilang basahin ang I Juan 4:20, "*Ang nagsasabing 'Iniibig ko ang Diyos,' at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung yaong kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya maibig, paano niya maiibig ang Diyos na hindi nakikita?*" Naroroon na lokohin natin ang ating mga sarili, na labis ang tiwala ating sariling kabaitan, salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng pagtatama ng ating pagmamalaki at pagkabulag. Ang pagbibigay at pagtanggap ng Kristianong pagmamahal ay malinaw na itinuturo ng Biblia kung paano ang maging kasapi ng iglesia, at ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng ikapo ng ating mga kinita para sa suporta ng Gawain, hanggang sa mainit na pagbati doon sa mga hindi natin kilala.

Maraming bagay ang dadaloy dito sa isang lokal na iglesia. Halimbawa, pinapalagda namin ang mga miyembro ng iglesia sa Kasulatan ng Pananampalataya at ang pangako – isang kasulatan kung paano gagalaw ang bawat isa. Inaasahan namin ang mga miyembrong ipanalangin ang iglesia, magbigay ng tulong pinansyal para suporta sa iglesia, at maging bahagi ng mga gawain ng iglesia. Ang Bautismo, Banal na Hapunan, Pagdalo, Disiplina, at Pag-ibig ay puso ng pagsapi sa isang lokal na iglesia.

Kaya mga Kristiano kong kaibigan, huwag kayong basta dumalo sa isang iglesia (kahit na kailangang kayo ay dumalo), bagkus sumapi kayo sa isang iglesia. Makipag kapit-bisig sa kapwa Kristiano. Humanap ng iglesia na maari mong salihan upang makita at marinig ng mga hindi Kristiano ang ebanghelyo, upang ang mahihinang Kristiano ay maalagaan, upang ang matatag na Kristiano ay makapagbigay ng kanilang buong lakas sa mabuting bagay, upang ang mga pinuno ng iglesia ay mapasigla at matulungan, upang ang Diyos ay maluwalhatian.



---

## PANGWAKAS

Ang unang sulat ni Pablo sa mga taga-Korinto ay isang napakagandang sulat na basahin at pagbubulaybulayin, kung nais mong maunawaang mabuti kung ano ang mga kakailanganin sa samasamang pamumuhay ng iglesia. Matutunghayan mo dito na tayong mga nasa iglesia ay dapat matatakan ng Kabanalan, Pagkakaisa, at Pag-ibig.

Bakit dapat maging ganito ang iglesia? Sa kadahilanang, ang katangian ng iglesia ay ang magpapakita ng katangian ng Diyos. Dapat tayong maging banal, at nagkakaisa, at nagmamahalan higit sa lahat, dahil ang lahat ng ito ay kawangis ng Diyos. Dapat tayong maging banal, dahil ang Diyos ay banal. Dapat tayong magkaisa, dahil ang Diyos ay nag-iisa. Dapat tayong mag-ibigan dahil ang Diyos ay pag-ibig.

Una, dapat tayong maging banal sa kaanyuhang naiiba sa kamunduhan, subalit natatangi sa Panginoon. Dapat tayong maging dalisay. Ang kabanalan ay dapat maging isang katangian na markado sa Iglesia. Dapat itong maging tatak; pangkarinawan sa ating lahat, at kinaugalian. Kung titingnan ng iba ang ating iglesia, maiisip nila, “Isa itong banal na komunidad,” hindi nangangahulugang grupo ng mapagmagaling, maseselan na tao, subalit isang komunidad na sa ating asal ay pinanghahawakan ang pag-asa ng mas mabuti, mas makatao at mas makapagpaparantal sa Diyos na pamumuhay. Kaya’t lahat ng mga bagay na ito ng pag-anib, ng pagtuturo, at pagdidisipulo ay mahalaga. Dapat tayong maging banal, dahil ang ating Diyos ay banal.

Dapat din tayong nag-kakaisa dahil ang Diyos ay lisa. Nakakawili na sinimulan ni Pablo ang I Korinto kabanatang 1 hinggil sa masamang balita na narinig niya sa mga dibisyon at pagkakahati ng iglesia, na isinaayos ng mga apostol ang mga suliranin sa pamamagitan ng teolohikal na pananaw. Tingnan ang katanungan na inilahad ni Pablo hinggil sa dibisyon sa I Kor. 1:13: “Nahahati ba si Kristo?” Isang kamangha-manghang katanungan! Kung iisipin mo ito, walang basihan ang isang lokal na iglesia upang mahati. Kapag tinitingnan ni Pablo ang dibisyon sa iglesia at magtatanong siya, “Nahahati ba si Kristo?” ipinapalagay niya ang isang makapangyarihang teolohikal na kaisipan sa likod nito na ang iglesia ay ang katawan ni Kristo. Ang kaisipang ito ang nagpapaalala sa atin ng isang mabigat na responsibilidad na dapat nating isalarawan ang Panginoon. Ang ating dibisyon ay nagdadagdag ng kabigatan dahil anumang kawalan ng kabanalan o kasalanan, ay magsasalarawan ng isang Diyos na ating ipinapakita. Ang ating di pagkakaisa ay isang kasinungalingan hinggil sa Diyos at kung ano ang kagaya Niya.

Saan kaya kinuha ni Pablo ang kaisipan ng sinabi niya sa I Kor. 12:27, “Kayo ngang lahat ang iisang katawan ni Kristo at bawat isa’y bahagi nito.” Sa palagay ko’y nakuha niya ito noong sandaling siya ay naligtas. Sa Gawa 9, noong napatigil si Pablo ng isang anyo ni Kristo noong Siya’y nabuhay na muli, patungo si Pablo sa Damasko upang usigin ang mga Kristiano. Anong sinabi ni Kristo sa kanya? “Saulo, Saulo, bakit mo inuusig ang mga Kristiano?” Hindi. “Saulo, Saulo, bakit mo inuusig ang iglesia?” Hindi. Sinabi ni Kristo, “Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?” Ganito kalapit iniuugnay ni Hesus ang iglesia sa Kanya. Tinitingnan Niya ito bilang Kaniyang katawan at tayo ang kaanib ng katawang ito.

Isa sa pinakadahilan sa I Korinto na tinawag tayo upang “alisin” ang mga nakatali sa kanilang kasalanan kaysa kay Kristo, ay upang tayo ay mag-kaisa. Ang pagkakaisa ang dapat maging isa sa palatandaan ng iglesia. Ang pagkakaisang ito ang lalampas sa mga lumang dibisyon ng mga Hudyo at Hentil (I Kor. 7:19), kasama ng mga dibisyon ng kamunduhan. Kaya nagalit si Pablo ng malaman niya ang balita ng mga dibisyon sa iglesia. Kahit sa pagdiriwang ng kanilang pagkakaisa – Ang Banal na Hapunan – sila ay magkakahiwalay. Kapag ang iglesia ay nagkakahiwalay dahil sa karnal na kadahilanan, nagsisimula tayong maging kilala sa ibang bagay – tayo ang iglesia na may modernong awitin, o may ganitong pastor, o iglesia na may paaralan sa tahanan, o mga Demoratico, oa iglesia na may asul na karpit. Lahat ng mga pagkakaisang ito ay kakaiba sa totoong pagkakaisa ng mga Kristiano. Ang iglesia ay dapat nagkakaisa.

Sa wakas, dapat tayo maging mapagmahal dahil ang ating Diyos ay mapagmahal. Ang tanging daan upang tayo ay magkaisa ay sa pag-ibig. Sa I Kor. 8:1, naisulat ni Pablo na “Alam nating ‘may kaalaman tayong lahat.’ Ang gayong ‘kaalaman’ ay nagbubunsod sa taoupang magpalalo, ngunit ang pag-ibig ay nakakapagpatibay,” Ito ang naging basihan ni Pablo sa malawak niyang pagtalakay sa kabanatang 8-14

na hayaang ang pag-ibig at pagpapahalaga sa kapwa ang manguna sa lahat ng ating ginagawa. Naisapuso na ni Pablo ang pagmamahal sa iglesia. Gaya ng naisulat niya 14:26, "Gawin ninyo ang lahat ng iyan sa ikaunlad ng iglesia." At sa talatang 31, "upang matuto ang lahat at mapalakas ang loob nila." Bahagyang sensitibo si Pablo sa kalusugan ng iglesia, hindi ba? Hindi katakataka na kung titingnan mo ang 15:9 at maalala ang kanyang kasaysayan, "Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol; ako'y di karapatdapat tawaging apostol, sapagkat inusig ko ang iglesia ng Diyos." Kaya nga't ating makikita kung bakit ginagamit ng Diyos ang isang taong ganyan na magtuturo sa atin, gaya ng sinabi niya sa 16:14, "Ang lahat ng ginagawa ninyo'y, gawin ninyo ng may pag-ibig".

Makikita ninyo ang pagmamahal na ipinamalas ni Kristo sa pamamagitan ng pagdaloy ng kanyang dugo at paghahandog ng kanyang katawan para sa atin (I Kor. 11:23-26). Nalaman na ito ng mga Kristiano noong unang panahon. Kaya ating mababasa sa I Korinto 15:3-5, ang isang uri ng naunang pananalig ng iglesia. At sa 15:3 "si Kristo'y namatay para sa ating mga kasalanan." (Roma 5:6-8; Gal. 2:21; I Pedro 3:18).

Isang nakakawiling bagay na bahagi ng pag-ibig na iyan ay ang pag-aalala sa ibang iglesia na naging kaisa nila at tinawag ni Pablo. Buhat sa pinakasimula ng sulat, hindi nila maiiwasang maalala ang ganito: sinulat ni Pablo sa mga taga-Korinto "kasama ng mga hinirang sa lahat ng dako" (I Korinto 1:2). Nagpakatao ng ganito si Pablo sa kanyang mga gawa sa kanila. Kaya't sa I Korinto 4:17, isinugo ni Pablo ang kanyang pinakamamahal na si Timoteo sa kanila. At sa huling kabanata sa 16:1-4, isinulat ni Pablo sa kanila "hinggil sa koleksyon para sa mga tao ng Diyos." Ang mga naunang Kristianong dito ay may pag-ibig na nagsisikap humanap ng paraan upang makatulong sa iba. Nakikilala ba ang ating iglesia sa ganitong pag-iibigan? Dapat maging mapagmahal ang iglesia dahil ang ating Diyos ay mapagmahal.

Ang iglesia ang dapat nagtatanghal ng pag-ibig ng Diyos sa gitna ng masalimuot, makasalanan, at maramot na mundong ito. Ganoon ba tayo? Tayo ba bilang iglesia ay nagpapakita ng katangian ng Diyos?

Ito ang klase ng isang matayog na pananalita na matutunghayan natin sa Bagong Tipan hinggil sa iglesia! Nabasa natin sa Efeso 5:25 na "gaya ng pag-ibig ni Kristo sa iglesia, inihandog Niya ang Kanyang buhay para rito." Itinuturo sa Mga Gawa 20:28 na ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili para sa Kanyang Iglesia: binili Niya ang kanyang iglesia sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo. Kung tayo ay kanyang mga taga sunod, dapat din nating mahal in ang iglesia na kung saan ay ibinigay ni Kristo ang sarili Niya. Bakit ganoon na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa kanyang iglesia? Dahil nais Niyang paluwalhatian ang Kanyang sarili sa pamamagitan nito

Isa sa mga nakaka-intrigang pahayag sa Bagong Tipan para sa akin ay ang I Korinto 15:19, kung saan sinabi ni Pablo, "Kung ang pag-asa natin kay Kristo ay para sa buhay na ito lamang, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao." Isa itong mahalagang pahayag sa mga Kristianong mali ang kasiyahan. Maraming iglesia ngayon ang nagpapakita ng pahayag ng Kristyanismo na ang lahat ng pagdurusa ay nilikha lamang, lahat ng sakripisyo ay ginagantimpalaan, lahat ng misteryo ay may kapalibanagan, sa buhay na ito. Subalit hindi ito ang ebanghelyo na itinuro ni Pablo; sa katunayan, hindi ito ang ebanghelyo ng ating Panginoong si Kristo. At hindi ito ang dapat na maging ebanghelyo ng ating mga iglesia. Kung tatasahan mo ang buhay Kristiano sa dakong ito ng buhay walang hanggan, hindi ito magkakahusto. Hindi ang kay Kristo; hindi ang kay Pablo. Hindi rin nararapat ang atin.

Sa wakas, makikita mo na ginawa ni Pablo ang kanyang magagawa para sa kapakanan ng ebanghelyo (tingnan ang I Korinto 9:23). Iyan ba nag dahilan kung bakit ginagawa ng ating iglesia ang nararapat gawin? Kung tayo ay magiging isang uri ng kongregasyon na ninanais ng Diyos, at nagbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian, dapat tayong maging kongregasyon na nakakaalam sa huling pag-asa na ito sa lahat ng bagay, mula sa mensahe ng ating ebanghelyo, hanggang sa ating mga buhay na may pag-ibig na isinasakrisyo para sa bawat isa. Sa ganito lamang tayo magiging tapat na kinatawan ng ating dakilang Diyos!

Nakikita mo, ito ang ginagawa ng Diyos sa iglesia! Sa I Korinto 1, sinabi ni Pablo (1:28-29) na ang Diyos "pinili Niya ang mga itinuturing na hamak, walang halaga, at walang kabuluhan sa sanlibutang ito upang pawalang-halaga ang mga itinuturing na dakila sa sanlibutan. Kaya't walang maaaring magmalaki sa harapan ng Diyos." Alam mo ba kung bakit pinipili ng Diyos na gamitin ang mga taong gaya mo at ako, mga bagay na mukhang marupok gaya ng iglesia? Dahil hindi Niya nais sa isang banda na itago ang sarili Niya!

Sa isang konperensya na dinaluhan ko dalawang taon na ang nakalipas, narinig ko si Mark Ross ng First Presbyterian Church, Columbia, South Carolina, na nagpahayag, "Tayo ay isa sa mga pinakamahalagang piraso ng ebidensya ng Diyos." Ipinagpatuloy niya, "Ang isang malaking bahala ni

Pablo (sa Efeso 4:1-16) para sa iglesia,” sinabi niya, “na ang iglesia ang nagpapakita at nagtatanghal ng kaluwalhatian ng Diyos, kaya naipapagttanggol nito ang kalikasan ng Diyos laban sa lahat ng paninira ng kaharian ng diablo, ang paninira na walang halaga ang mabuhay para sa Diyos. Ipinagkatiwala ng Diyos sa Kanyang iglesia ang kaluwalhatian ng Kanyang pangalan.” At ang, “Mga pangyayari sa iyong buhay ang mga ibinigay ng Diyos na pagkakataon na maitanghal at maipahayag mo ang katangian ng Diyos.”

Kung hindi tayo maingat, ang ating pagkamakasarili ay maaring magamit upang magkimkim ng matamlay na Kristianong kabanalan, na nagpapahintulot ng kasalanan. Ang ating pagka-makasarili ang mag-aakay sa ating matamlay na Kristianong pagkakaisa na pumapapel sa pagkaka-watakwatak dahil sa ebanghelyo, at magkakaisa sa loob ng mga maliliit na bagay. Kahit ang ating mga katawan ay makakapansin ng isang matamlay na Kristianong pagmamahal na isa lamang palagay, dahil namumuhay na tayong magkakasama bilang kapamilya sa matagal na panahon. Subalit mga kaibigan, wala sa mga bagay na ito ang magsasalarawan ng ating iglesia, dahil ang mga ito ay naglalahad ng kasinungalingan hinggil sa Diyos. Lahat ng ito ay nagsasalarawan ng mali hinggil sa katauhan ng Diyos. Ang tunay na kabanalan ay kasama ang disiplina. At ang tunay na pagkakaisa ay na kay Kristo lamang – at ang pagkakaiba ng iglesia ang magbibigay ng ebidensya para dito. Ang tunay na pag-ibig ay mas malalim ang palagay, higit sa natural na pagbubuklod. Lumalabas sa mga dayuhan para kay Kristo. Ito ang paraan ng pagtatanghal ng kaluwalhatian ng Diyos sa iglesia. Ito lamang ang paraan kung paano uunlad ang isang iglesia.

Paano natin maitatanghal ang kaluwalhatian ng Diyos? Sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating mga iglesia kasunod sa halimbawa na ipinakita Niya sa Kaniyang Salita. Sa pamumuhay na para sa Kanya, isang buhay na may kabanalan, pagkakaisa, at pagmamahal. Dito nakatalaga ang iglesia. Ikaw kaya?